- Gumamit ng mas kaunting mapanganib na mga kemikal hangga't maaari.
- Sundin ang wastong mga pamamaraan ng paggamit at mga hakbang sa kaligtasan para sa iba't ibang uri ng mga kemikal, tulad ng pag-iwas sa apoy at pag-iwas mula sa sapalarang paghahalo ng iba't ibang mga kemikal dahil maaari itong maglabas ng mga nakakalason na singaw.
- Magsuot ng wastong damit- pamproteksyon kagaya ng guwantes, maskara, salamin, at iba pa, kapag gumagamit ng mga kemikal.

Mano-manong paghawak

Ang mga gawaing-bahay ay madalas na nagsasangkot ng madalas at paulit-ulit na paggalaw, tulad ng pagsuporta o pag-angat ng isang matandang tao o isang bata, paglipat ng mga kasangkapan sa bahay, at iba pa. Ang anumang hindi naaangkop na pisikal na kilos o hindi tamang postura ay madaling maging sanhi ng mga karamdaman sa buto at kalamnan.

- Takpan ng maayos at mag-imbak ng mga kemikal sa isang madilim, tuyo, malamig, at maayos na maaliwalas na lugar.
- Huwag kumain o uminom kapag gumagamit ng mga kemikal, at hugasan ang mga kamay, braso, at mukha pagkatapos gamitin.
- Ugaliin ang tamang postura sa pagbuhat at pagkarga ng mga bagay. Panatilihin tuwid ang iyong likod.
- Iwasan ang pag-ikot o pagbaluktot sa baywang, o labis na pagbanat sa katawan.
- Iwasan ang madalas at pabalik-balik na aksyon. Gawin ang ilang mga estretching na ehersisyo bago magtrabaho o sa mga pahinga.
- Habang tumutukod paitaas o itinataas ang isang matanda o bata, hinihikayat ka na ipaalam sa kanila upang maitugma ang inyong mga postura.



Mga Payo

Para sa mga payo sa kaligtasan at kalusugan sa pagsasagawa ng mga tungkulin pantahanan, mangyaring sumangguni sa mga babasahin polyeto na inilathala ng Konseho ng Kaligtasan at Kalusugan sa Pagtatrabaho (OSHC) (www.oshc.org.hk/eng).

Nagsasaayos din ang OSHC ng mga kurso sa Pangkalahatang Kaligtasan para sa mga Kasambahay. Maaari kang magpatala sa mga kurso upang mapahusay ang kamalayan at kaalaman sa kaligtasan sa trabaho (www.oshc.org.hk/eng).

3.4 Pangangasiwa sa emerhensya

Dapat mong tanungin ang iyong tagapag-empleyo kung pano siya mahahanap kapag wala siya sa bahay. Sa kaso ng emerhensya sa bahay, dapat mong ipagbigay-alam kaagad sa iyong tagapag-empleyo. Kung mayroong mga emerhensyang nagbabanta, dapat kang humingi ng tulong kaagad sa pamamagitan ng pagtawag sa 999 sa Pulisya, Bumbero at mga serbisyo sa ambulansya. Kung kinakailangan, dapat ka ring humingi ng tulong sa mga kapitbahay at/o mga guwardya ng gusali.



Bukod dito, dapat mong malaman kung saan matatagpuan ang kahon na naglalaman ng mga gamit sa pangunang-lunas at kung paano gamitin ang mga eto tulad ng mga plaster na pandikit, mga pangdisimpekta, at iba pa.

3.4.1 Insidente sa sunog

Kung mayroong pagsiklab ng sunog sa bahay, dapat mong sabihin sa lahat ng miyembro ng sambahayan na lumisan at isara ang lahat ng mga pintuan pagkatapos umalis. Dapat kang maging pamilyar sa paraan ng pagtakas at mga ruta ng pagtakas sa gusali. Dapat ka ring humingi ng tulong sa pamamagitan

ng pagtawag sa numerong 999 para sa mga serbisyong pang-emerhensya. Kapag ligtas kana, dapat mong iulat ang sitwasyon sa iyong tagapag-empleyo. Bilang karagdagan, maaari kang mag-ulat ng anumang mga panganib sa sunog sa Kagawaran ng Serbisyo sa Sunog (FSD) sa pamamagitan ng pagtawag sa 2723 8787.



Mga Payo

Maaari kang manatiling nag-iisa sa bahay ng iyong tagapag-empleyo upang magsagawa ng mga tungkulin pantahanan. Mahalaga para sa iyo na maging pamilyar sa kaligtasan kapag may sunog. Ang FSD ay naglabas ng mga sumusunod na publikasyon para sa pagpayo at pagmungkahi.

“Pagtakas sa Sunog” – nagbibigay ng praktikal na pagpayo tungkol sa mga plano sa pagtakas sa sunog at mga kaugnay na puntong dapat tandaan. Ang polyeto ay magagamit sa Ingles, Tagalog, Bahasa Indonesyan, Thai, Hindi, Nepali at Urdu (www.hkfsd.gov.hk/eng).

“Pag-iwas sa sunog sa bahay - Mga alituntunin sa kaligtasan” – sumasaklaw sa mga peligro ng sunog at mga hakbang sa pag-iwas sa sunog sa bahay. Ang gabay ay magagamit sa Ingles, Tagalog, Bahasa Indonesyan, Thai, Hindi, Nepali at Urdu (www.hkfsd.gov.hk/eng).

3.4.2 Kaligtasan sa gas

Ang matatapang na amoy ay idinagdag ng mga kumpanyang nagsusuplay ng gas o LPG, upang maamoy kaagad ang singaw ng gas at madaling malaman. Kung may nakita kang pagtagas ng gas, dapat kang manatiling kalmado at tiyakin muna ang kaligtasan ng mga miyembro ng sambahayan at ang iyong sariling. Bukod sa dapat mong iwanan nang agad-agad ang bahay at tumawag sa numerong 999 para sa mga serbisyong pang-emerhensya, at iulat ang sitwasyon sa iyong tagapag-empleyo kapag ligtas kana.





Mga Payo

Kapag ang pagtagas ng gas ay napansin sa tahanan, dapat:

- kung maaari, itigil ang pag-agos ng gas kaagad sa pamamagitan ng pagsara sa balbula ng metro ng gas;
- patayin ang lahat ng mga nakikitang apoy;
- buksan ang lahat ng mga bintana at pintuan nang maluwang upang maikalat ang singaw;
- huwag gumamit ng telepono o patakbuhin ang anumang mga de-kuryenteng suwits at kasangkapan;
- huwag hawakan ang mga suwits ng anumang mga kagamitan sa gas; at
- kung ang tagas ng gas ay napakaseryoso o ang sitwasyon ay hindi sigurado, iwanan kaagad ang bahay at ipagbigay-alam sa mga kapitbahay sa pamamagitan ng pagkatok sa kanilang mga pintuan (huwag pindutin ang anumang mga timbre sa pintuan). Iwanan ang gusali sa pamamagitan ng mga hagdan at tumawag sa numerong 999 para sa mga serbisyong pang-emerhensya.




Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pangangasiwa ng mga emerhensya at pagtagas ng gas at ligtas na paggamit ng mga kasangkapan na de-gas, mangyaring sumangguni sa mga sumusunod na polyeto na inilathala ng Kagawaran ng Elektrikal at Mekanikal na Serbisyo (www.emsd.gov.hk/en/home):

“Pangkalahatang ligtas na paggamit ng gas sa tahanan” – ang polyeto ay magagamit sa Ingles, Tagalog, Indonesyan at Thai.

“Maingat na Paggamit ng de-gas na Kasangkapan (portabol na kalan)” – ang polyeto ay magagamit sa Ingles, Indonesyan at Thai.

Bagian 4

Mga Karapatan at Proteksyon sa Pagtatrabaho



Mga karapatan at proteksyon sa pagtatrabaho

Tulad ng mga lokal na empleyado, ang mga FDH ay may karapatan sa parehong mga benepisyo at proteksyon batay sa Ordinansa sa Empleyo (EO) at Ordinansa sa bayad-pinsala para sa mga empleyado (ECO). Lalo silang protektado ng SEC na iniutos ng gobyerno.

4.1 Tirahan

4.1.1 Kinakailangan sa pagtira

Sa ilalim ng Sugnay 3 ng SEC, ang FDH ay, sa panahon ng empleyo sa Hong Kong, ay dapat magtrabaho at manirahan sa bahay ng tagapag-empleyo na itinukoy sa kontrata. Ang “kinakailangan sa pagtira” na ito ay naaangkop sa buong panahon ng empleyo ng FDH (kasama ang panahon kung kailan siya ay nasa mga araw ng pamamahinga, pista opisyal at maybayad na taunang bakasyon) sa Hong Kong. Kung ang tagapag-empleyo ay malayo sa Hong Kong o naninirahan sa ibang lugar sa loob ng maikling panahon, ang FDH ay hindi dapat pilitin na umalis sa oras na iyon, o umalis sa tirahan ng tagapag-empleyo upang manirahan sa ibang lugar.

4.1.2 Angkop na tirahan at may makatwirang pagkapribado

Ayon sa Sugnay 5(b) ng SEC, ang tagapag-empleyo ay dapat magbigay sa FDH ng angkop at maayos na tirahan nang walang bayad. Sa ilalim ng aytem 3A ng “Iskedyul ng tirahan at mga tungkulin pantahanan” na nakalakip sa SEC, dapat bigyan ng tagapag-empleyo ang FDH ng angkop na tirahan at may makatwirang pagkapribado. Nakalista din sa aytem 3A ang mga halimbawa ng hindi angkop na tirahan (kabilang ngunit hindi limitado sa FDH na matulog sa kama na inilatag sa pasilyo na may kaunting pagkapribado at makibahagi sa isang silid kasama ang may hustong gulang na tao/tinedyer na magkaibang kasarian).




4.1.3 Mahalagang pasilidad

Ayon sa aytem 3B ng “Iskedyul ng tirahan at mga tungkulin pantahanan”, dapat bigyan ng tagapag-empleyo ang FDH ng mga mahalagang pasilidad na walang bayad (kabilang ang ilaw at tubig, pasilidad sa banyo at paligo, kama, kumot o punda, unan, aparador, at iba pa).

4.2 Mga sahod at pagkain

4.2.1 Pinakamababang pinahihintulutang sahod (MAW) at ng libreng pagkain (o alawans sa pagkain)

Ang mga tagapag-empleyo ay dapat magbayad sa mga FDH ng isang halaga ng sahod na hindi mas mababa sa MAW na inihayag ng Pamahalaan ng HKSAR at mananaig sa petsa ng pagpirma ng kontrata. Ang kasalukuyang halaga ng MAW ay matatagpuan sa Portal ng FDH.



Sa ilalim ng Sugnay 5(b) ng SEC, bibigyan ng tagapag-empleyo ang FDH ng libreng pagkain. Sa pangkalahatan, hindi mas mababa sa tatlong angkop na pagkain (almusal, tanghalian at hapunan) ang dapat ibigay sa isang araw. Sa kasalukuyan, ang karamihan sa mga tagapag-empleyo ay nagbibigay sa mga FDH ng libreng pagkain. Kung ang pagkain ay hindi ibinibigay nang walang bayad, ang mga FDH ay dapat bayaran ng alawans sa pagkain na hindi bababa sa halaga na nananaig sa petsa ng pagpirma ng kontrata. Ang kasalukuyang halaga ng alawans sa pagkain ay matatagpuan sa Portal ng FDH.

4.2.2 Araw ng pagbabayad sa sahod

Ang mga tagapag-empleyo ay dapat magbayad ng sahod sa mga FDH na hindi bababa sa isang beses bawat buwan. Ang sahod ng FDH ay magiging nararapat sa pagtatapos ng huling araw ng pasahod. Ang mga tagapag-empleyo ay dapat magbayad ng sahod sa mga FDH sa lalong madaling panahon ngunit sa anumang kaso na di lalampas sa pitong araw pagkatapos ng huling araw ng pasahod. Kung ang isang tagapag-empleyo ay hindi magbayad ng sahod sa isang FDH sa tamang oras, kinakailangan niyang magbayad ng

interes sa natitirang halaga ng sahod sa FDH. Ang isang tagapag-empleyo na sinasadya at walang makatwirang dahilan na hindi magbayad ng sahod sa isang FDH sa tamang oras ay mananagot sa pag-uusig at, kung magkasala, sa isang pinakamataas na multa ng \$350,000 at mabibilanggo sa loob ng tatlong taon. Kung ang suweldo ay hindi binayaran sa loob ng isang buwan kung saan ito ay nakatakda, maaaring ituring ng isang FDH na ang kontrata ay tinapos ng tagapag-empleyo nang walang paunawa. Sa ilalim ng mga nasabing kalagayan, ang tagapag-empleyo ay itinuturing na pumayag sa kabayaran bilang-paunawa at mga karagdagan kabayaran na nauugnay sa terminasyon para sa FDH.

4.2.3 Mga pamamaraan ng pagbabayad ng sahod

Ang mga FDH ay maaaring sumangayon sa mga tagapag-empleyo tungkol sa mga pamamaraan ng pagbabayad ng sahod tulad ng tseke, paglipat sa bangko, pera, at iba pa. Inirekumenda na ang sahod ay babayaran sa pamamagitan ng tseke o paglipat sa bangko upang makakuha ng mga talaan ng pagbabayad para sa pagpapanatili.



Kung ang pagbabayad ay ginawa sa pamamagitan ng tseke o paglipat sa bangko, maaari mong buksan ang isang pangsariling kuwenta sa bangko na nakalagay sa iyong pangalan matapos ang pagdating sa Hong Kong.

Walang pagbabayad ang dapat makolekta ng isang pangatlong partido. Kung hiniling sa iyo ng iyong tagapag-empleyo na lumagda sa anumang mga resibo sa sahod o mga tala sa pagbabayad, dapat mong tiyakin na nauunawaan mo ang nilalaman at tama ang impormasyon bago pirmahan. Huwag lumagda sa anumang dokumento na hindi mo lubos na nauunawaan o sinasang-ayunan. Pinapayuhan ka ring humingi ng kopya ng mga may pinirmahang rekord para mapanatili. Kung hindi hinihiling sa iyo ng iyong tagapag-empleyo na pirmahan ang pagtanggap ng sahod o iba pang mga pagbabayad, pinapayuhan kang itabi ang iyong mga tala upang maiwasan ang mga hindi pagkakaunawaan sa hinaharap. Ang mga halimbawa ng mga resibo ng pagbabayad sa iba't ibang mga wika ay nakalagay sa Portal ng FDH para sa sanggunian.



Mga Payo

Ang isang tagapag-employo ay ipinagbabawal sa pagbabawas ng sahod mula sa kanyang/mga empleyado (kasama ang mga FDH) maliban sa ilalim ng pinahihintulatang kondisyon na tinukoy sa ilalim ng EO. Ang ilang mga karaniwang pinahihintulatang pagbabawas ay nakalista sa ibaba para sa sanggunian:

- pagbabawas para sa pinsala o pagkawala ng mga kalakal, kagamitan, o pag-aari ng tagapag-employo sa pamamagitan ng pagpapabaya o kabiguang matupad ang obligasyon. Sa anumang isang kaso, ang halagang dapat ibawas ay katumbas ng halaga ng pinsala o pagkawala ngunit hindi lalampas sa \$300. Ang kabuuan ng naturang pagbabawas ay hindi lalampas sa ikaapat na parte ng sahod na babayaran sa FDH sa panahon ng pasahod;
- pagbabawas para sa pagbawi ng anumang bale o nasobrahang bayad na sahod sa FDH. Ang kabuuang halaga na ibabawas ay hindi lalampas sa ikaapat na parte ng sahod na babayaran sa FDH sa panahon ng sahod; at
- pagbabawas, kasama ang nakasulat na pahintulot ng FDH, para sa pagbawi ng anumang pautang na ginawa ng tagapag-employo sa FDH.



Maliban kung may pagsangayon sa pagsulat ng Komisioner ng Paggawa, ang kabuuan ng lahat na mga pagbabawas (kabilang ang ngunit hindi limitado sa itaas), maliban sa mga pagliban sa trabaho sa anumang panahon ng sahod ay hindi hihigit sa kalahati ng sahod na babayaran sa panahong iyon. Ang isang tagapag-employo na gumagawa ng hindi makatwiran na pagbabawas mula sa sahod ng isang FDH ay mananagot sa pag-uusig at, kung magkasala, sa isang pinakamataas na multa ng \$100,000 at mabibilanggo sa loob ng isang taon.

4.3 Araw ng pamamahinga, pista opisyal, may bayad na taunang bakasyon at iba pang karapatan sa bakasyon

Sa ilalim ng EO, ang mga FDH ay may karapatan sa araw ng pamamahinga, pista opisyal at may bayad na taunang bakasyon. Ang mga FDH ay maaaring sumangayon sa kanilang mga tagapag-empleyo sa pagsaayos ng araw ng pamamahinga upang mapagbigyan ang mga pangangailangan ng parehong partido. Walang anumang pagkakataon na kailangang magtrabaho ang isang FDH sa kanyang araw ng pamamahinga, pista opisyal at bakasyon. Halimbawa, ang isang FDH ay hindi dapat hilingin na linisin ang tahanan bago siya umalis sa bahay o maghugas ng pinggan pagkatapos niyang bumalik sa bahay, at iba pa.

Bukod dito, ang mga FDH ay dapat na lumagda lamang ng mga talaan ng bakasyon o bayad sa bakasyon kung lubos nilang naiintindihan at sinasang-ayunan. Pinapayuhan ka ring humingi ng kopya ng mga may pirmang talaan para mapanatili. Kung hindi hinihiling sa iyo ng iyong tagapag-empleyo na pirmahan ang talaan ng mga nagamit na bakasyon o natanggap na bayad sa bakasyon, pinapayuhan kang itago ang mga nasabing talaan upang maiwasan ang mga hindi pagkakaunawaan sa hinaharap. Ang mga halimbawa ng mga talaan ng bakasyon sa iba't ibang wika ay nakalagay sa Portal ng FDH para sa sanggunian.

4.3.1 Pagbibigay ng mga araw ng pamamahinga

Ang isang FDH ay may karapatan na hindi kukulangin sa isang araw ng pamamahinga sa loob ng pitong araw. Ang isang araw ng pamamahinga ay isang tuloy-tuloy na panahon na hindi bababa sa 24 oras. Ang mga araw ng pamamahinga ay maaaring ibigay nang palagian o hindi palagian. Maliban kung ang mga araw ng pamamahinga na itinalaga ng tagapag-empleyo ay palagian, dapat ipagbigay alam ng tagapag-empleyo sa FDH ang kanyang itinalagang mga araw ng pamamahinga bago magsimula ang bawat buwan.



Maliban sa mga hindi inaasahang emerhensya, ang mga tagapag-empleyo ay hindi maaaring mag-utos sa mga FDH na magtrabaho sa isang araw ng pamamahinga. Para sa anumang araw ng pamamahinga kung saan ang isang FDH ay kinakailangan upang magtrabaho, ang tagapag-empleyo ay dapat magpalit ng iba pang araw ng pamamahinga sa loob ng 30 araw pagkatapos ng orihinal na araw ng pamamahinga, at ipagbigay alam sa FDH ang pag-aayos sa loob ng 48 oras pagkatapos magtrabaho ang FDH. Ang isang tagapag-empleyo na pumilit sa isang FDH na magtrabaho sa isang araw ng pamamahinga ay mananagot sa pag-uusig at, kung magkasala, sa pinakamataas na multa na \$50,000.

Bukod dito, ang isang tagapag-empleyo ay maaaring magpapalit ng iba pang araw ng pamamahinga sa pahintulot ng FDH, kung saan dapat ito ay nasa loob ng parehong buwan bago ang orihinal na araw ng pahinga o sa loob ng 30 araw pagkatapos nito. Ang isang tagapag-empleyo na walang makatwirang dahilan na hindi nagbigay ng araw ng pamamahinga sa isang FDH ay mananagot sa pag-uusig at, kung magkasala, sa isang pinakamataas na multa na \$50,000.

4.3.2 Pagbibigay ng pahinga sa pista opisyal

Ang isang FDH, walang kinalaman sa kanyang haba ng paglilingkod, ay may karapatan sa pahinga sa pista opisyal. Kung hindi mapayagan ng isang tagapag-empleyo ang isang FDH na lumiban sa araw ng pista opisyal, ang paunang abiso na hindi bababa sa 48 oras at isang alternatibong bakasyon sa loob ng 60 araw bago o pagkatapos ng orihinal na bakasyon ay nararapat ibigay sa FDH. Kung ang pista opisyal ay pumatak sa isang araw ng pamamahinga, ang FDH ay bibigyan ng bakasyon sa susunod na araw na hindi pista opisyal o isang alternatibo/kapalit na bakasyon o isang araw ng pamamahinga. Bukod dito, kung ang FDH ay patuloy na nagtatrabaho nang hindi bababa sa tatlong buwan kaagad bago ang isang pista opisyal, siya ay karapat-dapat na bayaran sa bakasyon. Ang kabayaran sa bakasyon ay dapat ibayad sa FDH ng hindi lalampas sa araw ng kanyang sahod pagkatapos ng pista opisyal.

Sa walang anumang pagkakataon ay dapat ibigay ng tagapag-empleyo ang anumang anyo ng pagbabayad sa FDH bilang kapalit ng pagbibigay ng isang pista opisyal. Ang isang tagapag-empleyo na walang makatwirang dahilan na hindi nagbigay ng bakasyon sa isang araw na pista opisyal o alternatibo/ kapalit na bakasyon, o hindi nagbigay ng kabayaran sa bakasyon sa isang FDH ay mananagot sa pag-uusig at, kung magkasala, sa maypinakamataas na multa na \$50,000.

4.3.3 Pagbigay ng may bayad na taunang bakasyon

Ang isang FDH ay may karapatan sa may bayad na taunang bakasyon pagkatapos ng paninilbihan sa bawat 12 buwan. Ang karapatan sa may bayad na taunang bakasyon ay tumataas ng progresibo mula sa pitong araw hanggang sa pinakamataas na 14 araw ayon sa haba ng serbisyo ng FDH:

Taon ng Paglilingkod	Mga karapatan sa may bayad na taunang bakasyon
1	7
2	7
3	8
4	9
5	10
6	11
7	12
8	13
9 o mas mataas	14

Ang oras ng pagliban ay dapat na itinalaga ng tagapag-empleyo pagkatapos ng konsultasyon sa FDH, na kinumpirma ng isang nakasulat na abiso sa FDH nang hindi bababa ng 14 araw, maliban kung ang isang masmaikling panahon ng abiso ay napagkasunduan. Ang anumang araw ng pamamahinga o pista opisyal na pumapatak sa loob ng panahon ng taunang bakasyon ay mabibilang bilang taunang bakasyon at isa pang araw ng pamamahinga o bakasyon na dapat italaga.

Ang kabayan para sa taunang bakasyon ay dapat ibayad sa FDH nang hindi lalampas sa karaniwang araw ng suweldo pagkatapos ng panahon ng taunang bakasyon na kinuha. Ang isang tagapag-empleyo na walang makatwirang dahilan na hindi nagbibigay ng taunang pahintulot o hindi magbayad ng kabayaran sa taunang bakasyon sa isang FDH ay mananagot sa pag-uusig at, kung magkasala, ay pinakamataas na multa na \$50,000.



4.3.4 Iba pang bakasyon: walang bayad na pagliban at pitong araw na may bayad/walang bayad na bakasyon sa pagbabago ng kontrata

Ang pag-aayos ng pagkuha ng walang bayad na bakasyon ay dapat na pinagkasunduan ng parehong partido at walang pag-aayos ang dapat isagawa upang mabawasan ang proteksyon na tinatamasa ng FDH sa ilalim ng EO. Ang isang FDH ay hindi dapat pilitin ng tagapag-empleyo na kumuha ng walang bayad na bakasyon.

Sa ilalim ng sugnay 13 ng SEC, kung ang parehong partido ay sumasangayon na pumasok sa isang bagong kontrata sa pagtatapos ng umiiral na kontrata, ang FDH ay babalik sa kanyang tahanangbansa para sa isang bakasyon na hindi bababa sa pitong araw bago magsimula ang bagong kontrata (maliban kung ang naunang pag-apruba para sa isang ekstensyon ng pananatili na ibinigay ng Direktor ng Imigrasyon). Kung ang bakasyon ay may bayad o wala ay nakasalalay sa kasunduan sa pagitan ng tagapag-empleyo at FDH.



4.4 Bayad-pinsala para sa empleyado

4.4.1 Proteksyon sa ilalim ng ECO

Sa ilalim ng ECO, ang mg a tagapag-empleyo ay kinakailangang kumuha ng insurans para sa bayad-pinsala ng empleyado upang masakop ang kanilang mga pananagutan sa ilalim ng batas (kasama ang karaniwang batas) para sa mga pinsala sa trabaho na may respeto sa lahat ng mga empleyado (kasama ang mga FDH). Ang isang tagapag-empleyo na hindi sumunod sa ECO na kumuha ng insurans ay mananagot sa pag-uusig at, kung magkasala, ay pinakamataas na multa na \$100,000 at mabibilanggo sa loob ng dalawang taon.



Ang mga tagapag-empleyo ay dapat magbayad ng buong halaga ng insurans at hindi dapat gumawa ng anumang pagbabawas mula sa mga kita ng mga FDH at ibawas ang gastos. Ipinaguutos sa mga tagapag-empleyo, sa nakasulat na kahilingan ng mga FDH, na ipakita ang polisiya ng insurans at iba pang mga dokumentong nauugnay sa polisiya para sa inspeksyon. Ang isang FDH na nagdurusa mula sa kawalan ng kakayahan magtrabaho na nagmula sa isang sakit sa pagtatrabaho na tinukoy sa ECO ay may karapatan na makatanggap

ng parehong bayad-pinsala at proteksyon tulad ng ipinagkaloob sa isang FDH na nasugatan sa aksidente na nagmula sa at sa panahon ng kanyang pagtatrabaho. Kapag ang isang FDH ay napinsala sa trabaho o nagkasakit na nagmula sa pagtatrabaho na tinutukoy sa ilalim ng ECO, dapat niyang ipagbigay alam sa tagapag-empleyo sa lalong madaling panahon. Ang isang FDH ay maaaring lumapit din sa mga tanggapan ng sangay ng Bayad-pinsala para sa mga Empleyado o (ECD) ng LD o ang kompanya ng insurans upang alamin kung iniulat ng tagapag-empleyo ang kaso sa LD. Para sa mga detalye sa mga serbisyong ibinigay ng ECD, mangyaring sumangguni sa Seksyon 9.1.1.

4.4.2 Pangangasiwa ng mga pinsala sa trabaho

Kung ang isang FDH ay nagkaroon ng pinsala o namatay dahil sa isang aksidente na nagmula sa at sa panahon ng kanyang pagtatrabaho, ang tagapag-empleyo sa pangkalahatan ay mananagot na magbayad ng bayad-pinsala sa ilalim ng ECO.



Kasama sa bayad-pinsala ang mga paulit-ulit na mga pagbabayad, mga gastos sa medikal at kabuuan na bayad-pinsala (sa kaso ng kamatayan, o isang FDH na nagdusa sa permanenteng o bahagyang kawalan ng kakayahan na nagresulta mula sa pinsala sa trabaho). Ang isang tagapag-empleyo na walang makatwirang dahilan na hindi nagbayad ng kabayaran o may kaugnayan na patong na singil ay mananagot sa pag-uusig at, kung magkasala, ay pinakamataas na multa na \$100,000.



Mga Payo

Ang bayad-pinsala sa ilalim ng ECO ay kasama ang mga sumusunod na aytem:

Paulit-ulit na pagbabayad

Ang tagapag-empleyo ay magbabayad sa nasugatang FDH ng paulit-ulit na pagbabayad sa halagang walumpung porsyento ng deperensya sa pagitan ng buwanang kita ng FDH sa panahon ng aksidene at ng kanyang buwanang kita sa panahon ng pansamantalang kawalan ng kakayahan. Ang FDH ay hindi karapat-dapat na maghabol ng kabayaran sa pagkakasakit sa ilalim ng EO mula sa tagapag-empleyo ng magkasabay.



Mga Payo

Mga gastos sa pagpapagamot

Maliban kung may sapat na libreng medikal na pagpapagamot na naibigay sa nasugatan na FDH, mananagot ang tagapag-empleyo na magbayad ng mga medikal na gastos para sa pagpapagamot ng FDH na napinsala sa trabaho, napapailalim sa pangaraw-araw na pinakamataas na halaga na nakasaad sa ilalim ng ECO.



Kabuuang bayad-pinsala

► *Para sa mga di-nakamamatay na kaso*

Ang isang tagapag-empleyo ay mananagot na magbayad ng kabuuang bayad-pinsala para sa permanenteng kawalan ng kakayahan ng napinsalang FDH. Ang halaga ng kabayaran na bayad-pinsala ay kinakalkula na may kaugnayan sa edad ng FDH, buwanang kita at permanenteng pagkawala ng kakayahang kumita (sa pagtatasa ng Lupon ng Pagsusuri sa bayad-pinsala para sa mga empleyado).

► *Para sa mga nakamamatay na kaso*

Kung ang isang FDH ay namatay dahil sa isang aksidente na nagmula sa at sa panahon ng pagtatrabaho, ang tagapag-empleyo ay mananagot sa pagbabayad sa pagkamatay sa kanyang nalalabing mga miyembro ng pamilya. Ang halaga ng bayad-pinsala na babayaran ay kinakalkula ayon sa kanyang edad at buwanang kita ng namatay na FDH.

Para sa higit pang mga detalye sa pagkalkula ng mga kabayaran sa bayad-pinsala, mangyaring sumangguni sa “Isang maikling gabay sa mga ordinansa sa bayad-pinsala para sa mga empleyado”.

Kung ang isang aksidente ay nakaapekto sa FDH nang hindi hihigit sa pitong araw at hindi nagresulta sa permanenteng kawalan ng kakayahan, ang tagapag-employo ay maaaring gumawa ng direktang pagbabayad o makipagkasundo sa FDH hinggil sa bayad-pinsala na babayaran alinsunod sa ECO. Para sa iba pang mga kaso, sa pangkalahatan, susuriin ng Komisioner ng Paggawa, ang bayad-pinsala na babayaran sa ilalim ng ECO at magbibigay sa tagapag-employo at FDH ng sertipikong pagtatasa sa kompensasyon na nagsasaad ng halaga ng bayad-pinsala na babayaran.

Hindi dapat wakasan ng tagapag-employo ang kontrata ng empleyo ng isang nasugatan na FDH maliban kung may katuturang sertipiko na inisyu ang LD o ng Lupon ng Pagtatasa sa bayad-pinsala, kung naaangkop, o ang paghahabol sa bayad-pinsala ay nabayaran na sa FDH. Ayon sa ECO, ang isang tagapag-employo na nagpaalis ng isang FDH sa ilalim ng nasabing mga kalagayan ay mananagot sa pag-uusig at, kung nagkasala, ay magmumulta ng \$100,000. Bilang karagdagan, ang tagapag-employo ay kinakailangan na magbayad sa FDH bilang paunawa (kung mayroon man) at iba pang nauugnay na bayad sa terminasyon*. Ang naalis na FDH ay maaari ring maghahabol ng mga remedyo para sa hindi makatuwiran at labag sa batas na pagpapaaalis sa ilalim ng EO.

*Para sa higit pang mga detalye sa pagkalkula ng mga pagbabayad sa terminasyon, mangyaring sumangguni sa “Isang maikling gabay sa Ordinansa sa Empleyo”

4.5 Medikal na pagpapagamot

4.5.1 Libreng medikal na pagpapagamot

Sa ilalim ng Sugnay 9 (a) ng SEC, kung sakaling ang FDH ay may sakit o nagdurusa sa pinsala sa katawan sa panahon ng pagtatrabaho (maliban sa panahon kung saan umalis ang FDH sa Hong Kong ng kanyang sariling pagpapasya at para sa kanyang/sariling pansariling layunin), ito man ay nagmula sa pagtatrabaho, ang tagapag-employo ay dapat magbigay ng libreng medikal na pagpapagamot sa FDH (kasama ang konsultasyong medikal, pananatili sa ospital at emerhensyang pagpapagamot sa ngipin). Ang FDH ay tatanggap ng pagpapagamot ng sinumang rehistradong manggagamot na ibinigay ng tagapag-employo. Ang FDH ay pinapayuhan na itago ang kopya ng kanyang pangmedikal na talaan.



4.5.2 Pagliban sa pagkakasakit at alawans sa pagkakasakit

Sa ilalim ng EO, ang FDH ay dapat bayaran ang alawans sa pagkakasakit kung:

- ang pagliban sa pagkakasakit ay hindi kukulangin sa apat na magkakasunod na araw (maliban sa anumang araw na kinuha ng FDH para sa kanyang/mga pagsusuri sa pagbubuntis, pagkatapos ng pagkaospital na pagpapagamot o pagkakunan sa pagbubuntis, anumang araw na wala siya sa trabaho ay isasaalang-alang bilang isang araw ng pagkakasakit at, napapailalim sa mga sumusunod na kondisyon, ay mababayaran sa alawans sa pagkakasakit);
- ang FDH na nakaipon ng sapat na bilang na araw ng pagliban sa pagkakasakit (ang mga pagliban sa pagkakasakit na naipon sa halaga ng dalawang araw na pagliban sa pagkakasakit para sa bawat nakumpletong buwan ng pagtatabaho ng FDH sa unang 12 buwan; at apat na araw na pagliban sa pagkakasakit para sa bawat nakumpleto na buwan pagkatapos. Ang mga araw na pagliban sa pagkakasakit ay maaring maipon sa buong panahon ng trabaho, ngunit hindi lalampas sa 120 araw sa anumang oras); at
- ang pagliban sa pagkakasakit ay sinusuportahan ng isang naaangkop na sertipikong medikal (Tungkol sa medikal na pagsusuri sa FDH na may kaungayan sa kanyang pagbubuntis, maaari rin itong suportahan ng isang sertipiko ng pagdalo sa tsek-up¹ maliban sa isang sertipikong medikal).



Ang pangaraw-araw na halaga ng alawans sa pagkakasakit ay isang halagang katumbas ng walumpung porsyento ng pangaraw-araw na sahod ng FDH*. Ito ay babayaran sa FDH na hindi lalampas sa karaniwang araw ng pasahod. Ang isang tagapag-empleyo na walang makatwirang dahilan na hindi nagbabayad ng alawans sa pagkakasakit sa isang FDH ay mananagot sa pag-uusig at, kung magkasala, sa isang pinakamataas na multa na \$50,000.

Maliban sa mga kaso ng pagpapaalis dahil sa malubhang maling pag-uugali ng FDH, ipinagbabawal ang pagpapaalis ng isang FDH na nakaliban dahil sa karamdaman. Kung hindi, ang tagapag-empleyo ay mananagot sa pag-uusig at, kung magkasala, ay magmumulta ng pinakamataas na \$100,000. Bukod dito, ang FDH ay dapat bayaran bilang kapalit ng paunawa at iba pang mga nauugnay na pagbabayad sa terminasyon*. Ang napaalis na FDH ay maaari ring maghabol ng mga remedyo para sa hindi makatuwiran at labag sa batas na pagpapaalis sa ilalim ng EO.

* Para sa higit pang mga detalye sa pagkalkula ng alawans sa pagkakasakit at mga pagbabayad sa terminasyon, mangyaring sumangguni sa “Isang maikling gabay sa Ordinansa sa Empleyo”.

¹ Ang sertipiko ng pagdalo sa tsek-up ay hindi naaangkop sa medikal na pagsusuri ng FDH na may kaugnayan sa kanyang pagbubuntis kung ito ay isinagawa bago ang 11 Disyembre 2020.

4.6 Proteksyon sa pagdadalang tao at pagliban sa pagkaama

4.6.1 Pagliban sa pagdadalang tao at bayad sa pagliban sa panganganak

Ang isang babaeng FDH ay karapat-dapat para magkaroon ng 14² linggo na pagliban sa pagdadalang tao³ kung binigyan niya ng abiso ang tagapag-empleyo sa pagbubuntis at ang kanyang hangarin na kumuha ng pagliban sa panganganak. Ang FDH ay may karapatang tumanggap ng kabayaran sa pagliban sa pagdadalang tao kung siya ay:



- nagtrabaho nang hindi bababa sa 40 linggo kaagad bago magsimula ang nakatakdang pagliban sa pagdadalang tao;
- nagbigay ng abiso sa pagbubuntis at ang kanyang hangarin na kumuha ng pagliban sa panganganak matapos na makumpirma ang pagbubuntis (tulad ng paglalahad ng sertipikong medikal na nagpapatunay sa kanyang pagbubuntis sa kanyang tagapag-empleyo); at
- nagpakita na isang sertipikong medikal na tinukoy ang inaasahang petsa ng pagkakaospital kung kinakailangan ng tagapag-empleyo.

Sa kasunduan ng tagapag-empleyo, maaaring magpasya ang isang FDH na magsimula sa kanyang pagliban sa pagdadalang tao mula sa dalawa hanggang apat na linggo bago ang inaasahang petsa ng pagkakaospital. Kung ang isang FDH ay hindi nagpasya sa petsa o nabigong makuha ang kasunduan ng kanyang tagapag-empleyo sa kanyang iminungkahing iskedyul ng pagliban, dapat na niyang simulan ang kanyang pagliban sa panganganak sa apat na linggo bago ang inaasahang petsa ng pagkakaospital.

² Ang mga FDH na naospital dahil sa pagbubuntis bago ang 11 Disyembre 2020 ay may karapatan na magkaroon ng 10 linggo na tuloy-tuloy na pagliban sa panganganak:

³ Maliban sa 14 linggo na pagliban sa panganganak, kasama rin dito ang:

- kung ang pagkakaospital ay naganap makaraan sa inaasahang petsa ng pagkakaospital, isang karagdagang panahon na kaparehong bilang ng mga araw sa inaasahang petsa mula sa aktwal na petsa ng pagkakaospital; at
- karagdagang panahon ng pagliban na hindi lalampas sa apat na linggo dahil sa pagkakasakit o kapansanan dahil sa pagbubuntis o pagkakaospital.

Ang pangaraw-araw na halaga na bayad sa pagliban sa pagdadalang tao ay isang halagang katumbas ng walumpung porsyento na pangaraw-araw na sahod ng FDH* at dapat itong bayaran sa kanyang karaniwang araw ng suweldo. Ang isang tagapag-empleyo na hindi nagbigay ng pagliban sa pagdadalang tao sa isang buntis na FDH o hindi nagbayad sa pagliban sa panganganak ng isang FDH ay mananagot sa pag-uusig at, kung magkasala, ay magmumulta ng pinakamataas na \$50,000.

Kung ang isang buntis na FDH ay nakakuha ng sertipikong medikal na may nagsasaad tungkol sa kanyang pagiging hindi angkop na magbuhat ng mga mabibigat na bagay, magtrabaho sa mga lugar kung saan ang gas ay nakakapinsala sa pagbubuntis, o gumawa ng iba pang trabaho na nakakasama sa pagbubuntis, ang tagapag-empleyo ay maaaring hindi magtalaga ng gayong mga gawain sa FDH. Kung ang FDH ay nagsasagawa na ng ganoong gawain, dapat siyang alisin ng tagapag-empleyo mula sa trabahong iyon sa loob ng 14 na araw pagkatapos matanggap ang naturang kahilingan. Ang isang tagapag-empleyo na walang makatwirang dahilan na hindi sumunod sa mga nauugnay na mga kinakailangan ay mananagot sa pag-uusig at, kung magkasala, sa isang pinakamataas na multa ng \$50,000.

Maliban sa mga kaso ng pagkakatanggal dahil sa malubhang maling pag-aasal ng FDH, ipinagbabawal sa isang tagapag-empleyo na paalisin ang isang buntis na FDH mula sa petsa kung saan napatunayan siya ay buntis sa pamamagitan ng isang sertipikong medikal hanggang sa petsa kung saan siya ay dapat na bumalik sa trabaho pagkatapos ng kanyang pagliban sa panganganak. Ang isang tagapag-empleyo na hindi sumunod sa hinihiling sa itaas ay mananagot sa pag-uusig at, kung magkasala, ay magmumulta ng pinakamataas na \$100,000. Bukod dito, ang tagapag-empleyo ay kinakailangan na bayaran ang FDH bilang paunawa at iba pang nauugnay na mga pagbabayad sa terminasyon*. Ang pinaalis na FDH ay maaari ring maghabol ng mga remedyo para sa hindi makatuwiran at labag sa batas na pagpapaalis sa ilalim ng EO.

* Para sa karagdagang mga detalye sa pagkalkula ng bayad sa pagliban sa panganganak at bayad sa terminasyon, mangyaring sumangguni sa “Isang maikling gabay sa Ordinansa sa Empleyo”



Mga Payo

- T:** Bukod sa mga kinakailangan sa itaas, paano haharapin ng mga FDH ang pagbubuntis?
- S:** Walang ibang kaayusan sa pagdadalang tao na may kinalaman sa mga FDH ang nakasaad sa EO at SEC. Ang mga FDH at mga tagapag-empleyo ay pinapayuhan na talakayin ang kaayusan ng pagliban sa panganganak sa lalong madaling panahon upang maabot ang isang kasunduan dito. Kung nais ng isang FDH na bumalik sa kanyang tahanangbansa upang manganak at kumuha ng pagliban sa panganganak, maaari siyang gumawa ng naturang kahilingan sa kanyang tagapag-empleyo. Maaaring talakayin ng dalawang partido ang may katuturang kaayusan at ang FDH ay maaaring payagan na magbakasyon (kung naaangkop) maliban sa kanyang pagliban sa panganganak bago ang 36 na linggo ng pagbubuntis, upang siya at ang kanyang sanggol ay maaaring magkaroon ng suporta mula sa kanyang pamilya at mga kaibigan sa kanyang tahanangbansa, at maaaring ipagpatuloy niya ang tungkulin pagkatapos ng kanyang pagliban sa panganganak.

4.6.2 Pagliban sa pagkaama at bayad sa pagliban sa pagkaama

Ang lalaking FDH na siyang ama⁴ ng isang bagong silang na sanggol o isang magiging ama (ang sanggol ay maaring ipanganak sa loob at labas ng Hong Kong), at nagbigay ng abiso sa tagapag-empleyo na kinakailangan sa ilalim ng EO, ay may karapatan sa limang araw na pagliban sa pagkaama para sa bawat pagkakaospital ng kanyang asawa/kapareha. Ang limang araw na pagliban sa pagkaama ay maaaring makuha sa anumang oras sa loob ng panahon mula sa apat na linggo bago ang inaasahang petsa ng pagsilang ng bata hanggang 14 linggo⁵ simula sa aktwal na petsa ng pagsilang ng bata (sa isang beses o sa magkahiwalay na mga araw). Ang lalaking FDH ay may karapatan sa bayad sa sa pagliban sa pagkaama kung siya ay:

⁴ Hindi kinakailangan ang mga FDH na ikasal sa ina ng bagong panganak na sanggol para sa karapatan sa pagliban sa pagkaama sa ilalim ng EO.

⁵ Kung ang bata ay ipinanganak bago 11 Disyembre 2020, ito ay hanggang 10 linggo ng petsa ng panganganak sa sanggol.

- nakapagtrabaho na nang hindi bababa sa 40 linggo kaagad bago ang araw ng pagliban sa pagkaama; at
- nagbigay ng kinakailangang dokumento sa tagapag-empleyo sa loob ng 12 buwan pagkatapos ng unang araw ng kinuhang pagliban sa pagkaama, o kung tumigil na siya na trabaho, sa loob ng anim na buwan pagkatapos ng pagtigil sa pagtatrabaho (alinmang panahon ang naunang natapos):
 - ang sertipiko ng kapanganakan ng bata kung saan nakalagay ang pangalan ng FDH bilang ama ng bata; o
 - kung ang bata ay ipinanganak na patay o namatay pagkatapos ng kapanganakan at walang ibinigay na sertipiko ng kapanganakan bilang paggalang sa bata, ang FDH ay dapat na gumawa ng isang sertipikong medikal na nagpapatunay sa pagsilang ng bata.



Ang pangaraw-araw na halaga na bayad sa pagliban sa pagkaama ay kabuaang halagang katumbas ng walumpung porsyento ng karaniwang na pangaraw-araw na sahod ng FDH*. Ang tagapag-empleyo ay dapat magbayad ng pagliban sa pagkaama sa loob ng sumusunod na takdang oras:

- kung ang FDH ay nagbigay ng kinakailangang dokumento sa tagapag-empleyo bago ang araw kung saan kinuha ang pagliban sa pagkaama, ang tagapag-empleyo ay dapat magbayad ng pagliban sa pagkaama:
 - hindi lalampas sa araw kung saan siya ay susunod na bayaran ng kanyang sahod pagkatapos ng araw ng pagliban sa pakaama; o
 - kung ang mga FDH ay tumigil sa pagtatrabaho, sa loob ng pitong araw pagkatapos ng pagtigil sa pagtatrabaho.
- kung ang FDH ay nagbigay ng kinakailangang dokumento sa tagapag-empleyo pagkatapos kumuha ng pagliban sa pagkaama, ang tagapag-empleyo ay dapat magbayad ng pagliban sa pagkaama:
 - hindi lalampas sa araw kung saan siya ay susunod na babayaran ang kanyang sahod pagkatapos na maibigay ang dokumento; o
 - kung ang FDH ay tumigil na trabaho, sa loob ng pitong araw pagkatapos maibigay ang dokumento.

Ang isang tagapag-empleyo na walang makatwirang dahilan na hindi nagbigay ng pagliban sa pagkaama o nabigong magbayad ng bayad sa pagliban sa pagkaama sa isang karapat-dapat na FDH ay mananagot sa pag-uusig at, kung magkasala, ay magmumulta nang pinakamataas na \$50,000.

* Para sa higit pang mga detalye sa pagkalkula ng bayad sa pagliban sa pagkaama, mangyaring sumangguni sa “Isang maikling gabay sa Ordinansa sa Empleyo”.

4.7 Pagwawakas ng kontrata ng empleyo

4.7.1 Kaayusan para sa pagwawakas ng kontrata

Sa ilalim ng Sugnay 10 ng SEC, maaaring wakasan ng FDH at ng tagapag-empleyo ang kontrata sa pamamagitan ng pagbibigay ng abiso sa pamamagitan ng sulat sa isang buwan o isang buwang sahod bilang kapalit ng abiso. Maaari lamang wakasan ng alinmang partido ang kontrata nang walang paunawa o pagbabayad bilang kapalit ng abiso sa ilalim ng mga espesyal na pangyayari⁶. Ang partido na nagmumungkahi ng pagwawakas ng kontrata ay dapat magkaroon ng sapat na katwiran para sa gawin ito, kung hindi man, maaaring humarap siya sa isang paghahabol mula sa ibang partido.

6

Maaaring wakasan ng FDH ang kanyang kontrata ng empleyo nang walang paunawa o pagbabayad bilang pang unawa kung:

- makatwiran siyang natatakot sa pisikal na panganib ng karahasan o sakit;
- siya ay napapailalim sa masamang pagtrato ng tagapag-empleyo; o
- siya ay nagtrabaho nang hindi kukulangin sa limang taon at sertipikado sa isang tinukoy na porm na inisyu ng isang rehistradong manggagamot o isang rehistradong manggagamot sa medisina na Tsino bilang permanenteng hindi karapat- dapat para sa kanyang kasalukuyang trabaho.

Ang isang tagapag-empleyo ay maaaring wakasan ang kontrata ng empleyo nang walang paunawa o pagbabayad bilang pang unawa kung ang mga FDH, na may kaugnayan sa pagtatrabaho:

- kusang hindi sumusunod sa makatarungan at makatwirang kautusan mula sa tagapag-empleyo;
- gumawa ng maling pag-uugali; o
- ay nagkasala ng pandaraya o hindi matapat ; o
- ay karaniwang nagpapabaya sa kanyang/ mga tungkulin.

Ang isang tagapag-empleyo ay hindi dapat paalisin ang isang FDH sa ilalim ng mga sumusunod na pangyayari:

Proteksyon sa pagdadalang tao	Hindi dapat tanggalin ng tagapag-empleyo ang FDH na nakumpirmang buntis at nagbigay ng abiso ng pagbubuntis.
Bayad sa pagliban sa pagkakasakit	Hindi dapat tanggalin ng tagapag-empleyo ang isang FDH na nasa pagliban sa pagkakasakit.
Pagbibigay ng ebidensya o impormasyon sa mga awtoridad	Hindi dapat tanggalin ng tagapag-empleyo ang isang FDH dahil sa pagbibigay ng ebidensya o impormasyon sa anumang mga paglilitis o pagsisiyasat na may kaugnayan sa pagpapatupad ng EO o aksidente sa trabaho.
Mga aktibidad ng unyon sa pangangalakal	Hindi dapat tanggalin ng isang tagapag-empleyo ang FDH dahil sa pagsali sa mga pangangalakal na unyon o mga aktibidad ng unyon.
Pinsala sa trabaho	Hindi dapat tanggalin ng tagapag-empleyo ang isang napinsalang FDH bago pumasok sa isang kasunduan sa FDH para sa bayad-pinsala ng empleyado o bago ang isyu ng isang sertipiko ng pagtatasa.

Ang isang tagapag-empleyo na nagpaalis ng isang FDH sa ilalim ng mga nasa itaas na kalagayan ay mananagot sa pag-uusig at, kung magkasala, ay magmumulta nang pinakamataas na \$100,000. Bilang karagdagan, ang tagapag-empleyo ay kinakailangan na magbayad sa FDH bilang kapalit sa abiso (kung mayroon man) at iba pang nauugnay na mga pagbabayad sa terminasyon*. Ang napaalis na FDH ay maaari ring maghabol ng remedyo para sa hindi makatuwiran at labag sa batas na pagpapaalis sa ilalim ng EO.

Ang mga empleyado (kabilang ang mga FDH) at ang mga tagapag-empleyo na may mga hindi pagkakaunawaan sa pagtatrabaho na hindi maayos sa pamamagitan ng kanilang sarili ay pinapayuhan na lumapit sa mga tanggapan ng sangay ng mga ugnayan sa pagtatrabaho (LRD) ng LD para sa mga katanungan o tulong. Nagbibigay ang LRD ng libreng serbisyo ng konsultasyon at pagkakasundo sa mga FDH at mga tagapag-empleyo upang matulungan ang paglutas ng mga hindi pagkakaunawaan sa pagtatrabaho. Para sa mga detalye sa mga serbisyo, mangyaring sumangguni sa Seksyon 9.1.1.

* Para sa higit pang mga detalye sa pagkalkula ng kabayaran sa terminasyon, mangyaring sumangguni sa “Isang maikling gabay sa Ordinansa sa Empleyo”.



Mga Payo


Ang mga FDH at mga tagapag-employo ay maaaring may mga hindi pagkakasundo na sa kalaunan ay naging mga pagtatalo. Ang parehong partido ay maaaring naniniwala na mayroon silang sapat na mga batayan upang wakasan agad ang kontrata. Gayunpaman, ang pinakamahusay na paraan upang malutas ang mga hindi pagkakaunawaan ay ang maging, maingat at mapagparaya sa bawat isa hanggat maaari at subukang malutas ang problema nang magkasama. Dapat nilang pigilan ang pagmamadali na nagdudulot ng pagwakas ng kontrata o iba pang mga nakasisindak na aksyon upang malutas ang mga hindi pagkakaunawaan.



4.7.2 Abiso sa lmmD ng pagwawakas ng kontrata ng employo

Sa ilalim ng Sugnay 12 ng SEC, ang FDH at tagapag-employo ay dapat magbigay ng paunawa sa Direktor ng Imigrasyon sa loob ng pitong araw ng petsa ng pagwawakas. Ang isang kopya ng nakasulat na pagkilala ng kabilang partido tungkol sa pagwawakas ay dapat ding maipasa sa Direktor ng Imigrasyon. Ang abiso ay maaaring gawin sa pamamagitan ng pagsumite ng isang nakumpletong porm na “Abiso ng Pagwawakas sa kontrata ng employo sa dayuhang kasambahay” (ID 407E) o isang liham.

Kung ang kontrata ay natapos nang walang pasubali, ang isang FDH ay pinahihintulutan lamang na manatili sa Hong Kong ng dalawang linggo pagkatapos ng pagwawakas ng kontrata o ang nalalabi sa pinahihintulutang pananatili, alinman ang mas maaga. Kung ang isang FDH ay hindi umalis sa Hong Kong sa pagtatapos ng pananatili, siya ay gumawa ng isang pagkakasala para sa paglabag sa mga kondisyon ng pananatili. Siya ay mananagot sa pag-uusig at, kung magkasala, ay magmumulta nang pinakamataas na \$50,000 at mabibilanggo sa loob ng dalawang taon. Mananagot din siya sa pagdeporta mula sa HKSAR pagkatapos ng sentensya. Ang mga taong pinaalis ay hindi papayagan na pumunta sa Hong Kong upang makapagtrabahong muli bilang FDH.



4.7.3 Mga kabayaran at aytem na babayaran sa isang FDH sa pagkumpleto o pagwawakas ng kontrata

Depende sa mga indibidwal na kalagayan, ang isang tagapag-empleyo ay karaniwang kailangang magbayad ng mga sumusunod na aytem sa FDH sa pagkumpleto o pagwawakas ng kontrata.

Mga aytem	Mga Pangungusap
Mga suweldo	Anumang mga hindi pa nababayaran suweldo.
Suweldong kapalit ng abiso	Sa ilalim ng Sugnay 10 ng SEC, maaaring wakasan ng FDH at tagapag-empleyo ang kontrata sa pagbibigay ng abiso sa pamamagitan ng liham o sahod na isang buwan bilang kapalit ng abiso sa kabilang partido.
Bayad sa taunang bakasyon	<p>Kapag ang kontrata ng empleyo ay winakasan, ang FDH ay bibigyan ng bayad bilang kapalit ng anumang taunang bakasyon na hindi pa nagamit para sa bawat 12 buwan na nakumpletong serbisyo. Kung ang FDH ay nagtrabaho na ng tatlong buwan ngunit kulang ng 12 buwan nang paninilbihan sa taunang bakasyon (halimbawa ang tagal ng bawat 12 buwan pagkatapos ng pagsisimula ng trabaho), ang FDH ay may karapatan sa parte na halaga sa taunang bakasyon kung ang kontrata ng empleyo ay natapos maliban sa dahilang agarang pagpapaalis dahil sa kanyang masamang asal. Mangyaring sumangguni sa mga sumusunod na halimbawa para sa pamamaraan ng pagkalkula:</p> <ul style="list-style-type: none">• kung ang isang FDH ay nagbitiw o tinanggal pagkatapos maglingkod ng 18 buwang pagtatrabaho at hindi pa siya kumukuha ng anumang taunang bakasyon: <p><i>Ang pagbabayad bilang kapalit ng taunang bakasyon sa unang 12 nakumpletong buwan ng pagtatrabaho (pitong araw) + ang parte na halaga bilang kapalit ng bayad sa taunang bakasyon para sa nalalabing panahon ng empleyo (3.5 na araw).</i></p>

<p>Bayad sa taunang bakasyon</p>	<ul style="list-style-type: none"> • kung ang isang FDH ay madaliang pinaalis dahil sa kanyang napakasamang asal pagkatapos ng 18 buwan na pagtatrabaho: <p><i>Ang kabayaran bilang kapalit ng taunang bakasyon para sa kanyang unang 12 na buwan ng pagtatrabaho (halimbawa pitong araw, nang walang parte na karaniwang halaga bilang kapalit ng taunang bakasyon para sa natitirang panahon ng empleyo).</i></p>
<p>Kabayaran pagkatapos ng paninilbihan ng mahabang panahon</p>	<p>Ang isang tagapag-empleyo ay dapat magbayad ng kabayaran pagkatapos ng paninilbihan ng mahabang panahon sa isang FDH kung ang FDH ay patuloy na nagtrabaho nang hindi bababa sa limang taon at sa ilalim ng mga sumusunod na kalagayan:</p> <ul style="list-style-type: none"> • ang FDH ay tinanggal sa trabaho sa iba pang kadahilanan bukod sa pagkatanggal dahil sa kanyang isang matinding pagkakamali o kalabisan; • natapos ang kontrata ng empleyo nang hindi na ito nabago[^]; • ang FDH ay pinapatunayan sa isang tinukoy na porm na inisyu ng isang rehistradong manggagamot o rehistradong manggagamot sa medisina na tsino bilang permanenteng di-angkop sa kasalukuyang trabaho at siya ay nagbitiw; • ang FDH ay may edad na 65 o higit at siya ay nagbitiw; o • ang FDH ay namatay habang naninilbihan. <p>[^] Kung nag-alok ang tagapag-empleyo sa pamamagitan ng kasulatan upang ibago ang kontrata o muling makipagkasundo sa FDH sa ilalim ng isang bagong kontrata na hindi bababa sa pitong araw bago matapos ang kontrata, ngunit ang FDH ay hindi makatwiran na tumanggi sa alok, ang FDH ay hindi karapat-dapat para sa kabayaran pagkatapos ng paninilbihan ng mahabang panahon.</p>

Kabayaran pagkatapos ng paninilbihan ng mahabang panahon

Pormula para sa pagkalkula ng kabayaran pagkatapos ng paninilbihan ng mahabang panahon: (Buwanang suweldo x 2/3) x bilang ng taon ng paninilbihan[#]

[#] Ang paninilbihan sa hindi nakumpletong taon ay kailangang ibatay sa parte na halaga ng pagkalkula.

Paalala: Ang isang FDH ay walang karapatan sa parehong kabayaran pagkatapos ng paninilbihan ng mahabang panahon at kabayaran kapag naputol ang trabaho sa pagkahiwalay nang magkasabay.

Kabayaran kapag naputol ang trabaho sa pagkahiwalay

Ang isang tagapag-empleyo ay dapat magbayad sa isang FDH kapag naputol ang trabaho sa pagkahiwalay sa ilalim ng mga sumusunod na kalagayan:

- ang mga FDH ay tinanggal dahil sa kalabisan, o natapos ang kontrata sa trabaho nang hindi binago dahil sa kalabisan^{^^}; at
- ang FDH ay hindi kukulangin sa 24 na buwan ng patuloy na pagtatrabaho sa parehong tagapag-empleyo bago ang terminasyon.

^{^^} Kung ang tagapag-empleyo ay nag-alok sa pamamagitan ng liham na ibago ang kontrata o muling makipagkasundo sa FDH sa ilalim ng isang bagong kontrata na hindi bababa sa pitong araw bago ang petsa ng pagpaalis/pagkalipas ng kontrata, ngunit ang FDH ay hindi makatwiran na tumanggi sa alok, ang FDH ay hindi karapat-dapat para sa kabayaran kapag naputol ang trabaho sa pagkahiwalay.

Pormula para sa pagkalkula ng kabayaran kapag naputol ang trabaho sa pagkahiwalay: (Buwanang suweldo x 2/3) x bilang ng taong paninilbihan[#]

[#] Ang paninilbihan sa hindi nakumpletong taon ay kailangang ibatay sa parte na halaga ng pagkalkula.

Paalala: Ang isang FDH ay walang karapatan sa parehong kabayaran pagkatapos ng paninilbihan ng mahabang panahon at kabayaran kapag naputol ang trabaho sa pagkahiwalay nang magkasabay.

<p>Alawans sa pagkain</p>	<p>Ang anumang alawans sa pagkain kung walang pagkain na ibinigay ang tagapag-empelyo.</p>
<p>Libreng pabalik na pamasaha</p>	<p>Sa ilalim ng Sugnay 7 ng SEC, bibigyan ng tagapag-empelyo ang FDH ng libreng pamasaha pagbabalik sa kanyang tahananbansa sa pagwakas o pagtatapos ng kontrata.</p> <p>Mga punto na dapat tandaan:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Karaniwan, bibigyan ng tagapag-empelyo ang FDH ng tiket sa eroplano (kabilang ang mga pangunahing tsek-in na bagahe). • Ang tiket sa eroplano na ibinigay ng tagapag-empelyo ay dapat gawin ang pinakadirektang ruta. Kung ang tagapag-empelyo ay hindi nagbibigay ng tiket na may direktang ruta sa tahananbansa, maaaring kailanganin ng tagapag-empelyo na magbayad ng mas mataas na pangaraw-araw na alawans sa pagkain at pagbiyahe dahil sa mga karagdagang araw ng paglalakbay. Upang matiyak na ang parehong partido ay may sapat at makatwirang oras upang maasikaso ang mga bagay na may kaugnayan sa pagkumpleto o pagwawakas ng kontrata, pinapayuhan ang FDH na kumpirmahin ang pagsasaayos ng pag-alis sa tagapag-empelyo (tulad ng petsa ng pag-alis, patutunguhan, at iba pa) bago bumili ang tagapag-empelyo ng tiket sa eroplano.
<p>Alawans sa pagkain at pagbiyahe</p>	<p>Sa ilalim ng Sugnay 7(b) ng SEC, ang pangaraw-araw na pagkain at alawans sa pagbiyahe na \$100 bawat araw ay dapat bayaran sa FDH kapag ang FDH ay bumalik sa kanyang tahananbansa.</p>

Ang isang tagapag-employo ay dapat magbayad ng lahat ng sahod at iba pang mga pagbabayad sa isang FDH sa ilalim ng EO at ang SEC nang hindi lalampas sa pitong araw pagkatapos ng petsa ng pagkumpleto o pagwakas ng kontrata*. Ang isang FDH na nagnanais na kunin ang kabayaran kapag naputol ang trabaho sa pagkahiwalay ay dapat magbigay ng isang nakasulat na paunawa sa tagapag-employo sa loob ng tatlong buwan matapos ang pagkumpleto o pagwakas ng kontrata. Dapat bayaran ng tagapag-employo ang kabayaran kapag naputol ang trabaho sa pagkahiwalay sa FDH nang hindi lalampas sa dalawang buwan mula sa pagtanggap ng naturang paunawa.




Ang librong ito ay naglalayong magbigay ng mabilis na sanggunian para sa mga FDH sa kanilang mga karapatan at obligasyon na may kaugnayan sa pagtatrabaho sa Hong Kong. Para sa higit pang mga detalye, mangyaring sumangguni sa “Praktikal na gabay para sa pagtatrabaho ng mga dayuhang kasambahay - Ano ang kailangang malaman ng mga dayuhang kasambahay at ng kanilang mga tagapag-employo” (Praktikal na gabay), “Isang maikling gabay sa Ordinansa sa Empleyo” at “Isang maikling gabay sa Ordinansa sa Bayad-pinsala para sa mga empleyado” naisapubliko sa pamamagitan ng LD. Magagamit ang Praktikal na gabay sa iba't ibang mga katutubong wika ng karamihan sa mga FDH at maaari mo itong makita sa Portal ng FDH.

Habang nag-iiba ang aktwal na mga pangyayari depende sa mga kaso, dapat na humingi ng mga payo na propesyunal kung kinakailangan. Ang EO at ECO ay dapat manatiling nag-iisang awtoridad para sa mga probisyon ng batas sa paggawa na inilarawan sa librong ito. Ang hukum ay ang awtoridad sa pagpakahulugan ng mga batas.

* Para sa higit pang mga detalye sa ipinaguutos na karapatan at ang kanilang mga kalkulasyon, mangyaring sumangguni sa “Isang maikling gabay sa Ordinansa sa Empleyo”.

Bahagi 5

Pangkalahatang mga Karapatan at Proteksyon



Pangkalahatang mga Karapatan at Proteksyon

Bukod sa mga batas sa Paggawa, natatamasa din ng mga FDH ang iba pang mga karapatan at proteksyon habang nagtatrabaho sa Hong Kong.

5.1 Pantay na karapatan at proteksyon bilang mga lokal na manggagawa

Ang mga FDH ay nagtatamasa ng libreng paggamit sa lahat ng mga serbisyong ibinibigay ng Pamahalaang HKSAR sa mga lokal na manggagawa. Halimbawa, ang mga FDH ay may ganap na akses sa mga libreng serbisyo na ibinigay ng LD, tulad ng mga serbisyo sa konsultasyon at pagkakasundo. Para sa mga may espesyal na pangangailangan sa wika, maaari nilang gamitin ang libreng interpretasyon at serbisyo sa pagsasalin-wika na ibinigay ng Pamahalaang HKSAR. Ang mga FDH ay malayang humingi ng tulong sa mga unyon ng mga manggagawa sa kanilang sariling pagpipilian at/o sa kani-kanilang konsulado sa HKSAR kung nais nila.



Ang mga FDH ay mayroon ding pantay na akses sa hustisya. Ang mga agrabyadong FDH ay maaaring humingi ng pagtutuwid sa pamamagitan ng mga ligal na pamamaraan kung isinasaalang-alang nila ang kanilang mga karapatan ay nilabag sa batas. Maaari kang mag-aplay para sa ligal na tulong mula sa Pamahalaang HKSAR kung natutugunan ang mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat (tulad ng pagsubok para makakuha ng benepisyo) ay natugunan.

5.2 Iba pang mga karapatan at proteksyon

5.2.1 Karapatang magmay-ari at mapanatili ang pansariling ari-arian

Dapat mong itago ang mga pansariling ari-arian tulad ng pasaporte, kard ng pagkakakilanlan, kard sa bangko, kontrata sa empleyo, mga publikasyon ng pamahalaan at polyeto para sa mga FDH, at iba pa. Walang sinuman (kabilang ang iyong tagapag-empleyo at EA) ay maaaring humawak ng iyong pansariling pag-aari. Sinumang na humawak sa iyong pansariling pag-aari (kabilang at hindi limitado ang mga aytem na nabanggit sa itaas) nang walang malinaw na pahintulot ay maaaring gumawa ng isang pagkakasala.

Kung sapilitang kinuha sa iyo ang iyong pansariling pag-aari, mangyaring iulat kaagad ito sa Pulisya.



5.2.2 Karapatan sa pagkapribado

May karapatan ka sa pansariling pagkapribado. Ang iyong tagapag-empleyo ay hindi pinapayagan na siyasatin ang iyong mga pansariling pag-aari nang walang pahintulot.

Upang matiyak ang kaligtasan sa tahanan at alagaan ang mga miyembro ng pamilya, maaaring magkabit ang ilang mga tagapag-empleyo ng closed circuit television (CCTV) na sistema ng pagsubaybay sa tahanan. Kung balak gawin ito ng iyong tagapag-empleyo, dapat niyang ipaalam sa iyo ang kaayusang nito nang maaga, at hindi dapat gumawa ng mga pagrekord ng bidyo o makuha ang mga larawan na nagpapakita ng mga aktibidad sa loob ng banyo o pribadong lugar kung saan ka nagpapahinga pagkatapos ng trabaho. Kung ang nasabing pagsubaybay ay isinasagawa nang hindi mo nalalaman, ang iyong tagapag-empleyo ay maaaring lumabag sa mga probisyon ng Pansariling Datos (Pagkapribado) Ordinansa (PDPO). Kung mayroon kang anumang mga katanungan sa PDPO, maaari kang lumapit sa Komisyoner ng Pagkapribado para sa Pansariling Datos para sa tulong.



Mga Payo

Ang iyong tagapag-empleyo ay dapat sumangguni sa mga sumusunod na patnubay na inisyu ng Komisyoner ng Pagkapribado para sa Pansariling Datos sa pagkabit at paggamit ng mga sistema ng pagsubaybay na CCTV sa bahay:



“Pagsubaybay at pagkapribado ng pansariling datos sa trabaho: Mga punto na dapat tandaan para sa mga tagapag-empleyo ng mga kasamabahay” (www.pcpd.org.hk)

5.2.3 Proteksyon laban sa diskriminasyon

Ang Hong Kong ay may batas para sa pantay-pantay na oportunidad sa kasarian, kapansanan, estado ng pamilya at lahi. Kung ipinagpapalagay ng isang FDH na siya ay nadiskrimina nang labag sa batas dahil sa kanyang kasarian, katayuan matrimonyal, pagbubuntis, kapansanan, katayuan sa pamilya o lahi, maaari siyang lumapit sa Komisyon sa Pantay-pantay na Oportunidad (EOC) para sa tulong.




Mga Payo

Ang EOC ay naglathala ng:

- “Pag-unawa sa Ordinansa sa Diskriminasyon ukol sa lahi: Isang gabay para sa mga dayuhang kasambahay at ang kanilang mga tagapag-empleyo”-nagbibigay ng pangkalahatang ideya ang Ordinansa sa Diskriminasyon ukol sa lahi (RDO) upang pahintulutan ang mga FDH at ang kanilang mga tagapag-empleyo na magkaroon ng pag-unawa tungkol sa RDO at sa aplikasyon nito sa kanilang sarili. Magagamit ang buklet sa Ingles, Tagalog, Bahasa Indonesyan at Thai (www.eoc.org.hk).
- “Pag-iwas sa seksuwal na panliligalig: Isang gabay para sa mga dayuhang kasambahay at sa Kanilang mga tagapag-empleyo” - ang Ordinansa sa diskriminasyon sa Kasarian (SDO) ay pinoprotektahan ang lahat sa Hong Kong (kasama ang mga FDH) laban sa seksuwal na panliligalig at hindi kinagigiliwan seksuwal na kapaligiran sa trabaho . Sakop ng gabay ang aplikasyon ng SDO, mga karapatan ng mga empleyado at responsibilidad ng mga tagapag-empleyo sa ilalim ng SDO. Magagamit ito sa Ingles, Tagalog, Bahasa Indonesyan at Thai (www.eoc.org.hk).

Bahagi 6

Obligations and Responsibilities



Mga Obligasyon at Responsibilidad

Ang mga FDH ay nagtatamasa ng proteksyon sa ilalim ng mga batas ng Hong Kong. Kasabay nito, dapat silang sumunod sa mga kinakailangan sa batas at iba pang mga regulasyon, at sundin ang kanilang mga kondisyon ng pananatili sa Hong Kong.

6.1 Mga paghihigpit sa empleyo

Ang mga FDH ay dapat sumunod sa Ordinansa sa Imigrasyon (IO) at ang mga kondisyon ng pananatili tulad ng nakasulat sa kanilang mga bisa. Ang isang FDH na lumalabag sa mga kondisyon ng pamamalagi, o sinumang tao na tumulong/nakipagsabwatan sa FDH sa paglabag sa mga kondisyon ng pananatili ay mananagot sa pag-uusig. Sinasabi ng SEC na:

Sugnay 4(a) – Ang FDH ay dapat gumanap lamang ng mga tungkuling pantahanan para sa tagapag-empleyo ayon sa “Iskedyul ng tirahan at mga tungkulin sa bahay” na nakalakip sa SEC;

Sugnay 4(b) – Ang FDH ay hindi dapat tumanggap, at hindi dapat hilingan ng tagapag-empleyo na tumanggap ng iba pang trabaho sa ibang tao; at

Sugnay 4(c) – Mga Sugnay 4(a) at (b) ay magiging bahagi ng mga kondisyon ng pamamalagi na ipapataw ng ImmD sa FDH sa oras ng pagpasok niya sa Hong Kong para magtrabaho.

Ang mga FDH at/o sinumang tutulong sa kanya sa paglabag sa isa o kapwa nasabing kondisyon ng pamamalagi ay mananagot sa pag-uusig.

6.1.1 Ang mga FDH ay dapat gumanap lamang ng mga tungkuling pantahanan

Ang mga FDH ay dapat gumanap lamang ng mga tungkuling pantahanan. Ang mga tungkuling pantahanan, tulad ng mga gawaing-bahay, pagluluto, pag-aalaga sa matandang miyembro ng sambahayan, pag-aalaga sa sanggol, pagbabantay sa bata at iba pa, ay dapat na tinukoy nang malinaw sa “Iskedyul ng tirahan at mga tungkulin sa bahay” na nakalakip sa SEC.



Kung ang isang FDH ay nagsasagawa ng mga tungkulin na hindi pantahanan, maaaring siyang lumabag sa IO at mananagot sa pag-uusig at, kung magkasala, sa isang pinakamataas na multa ng \$50,000 at mabibilanggo sa loob ng dalawang taon, at kasunod na pagdeporta mula sa HKSAR. Kung dahil dito ay nadeporta ang FDH, ang kanyang/mga aplikasyon sa hinaharap upang trabaho sa Hong Kong ay karaniwang tatanggihan. Kung hiniling ka ng iyong tagapag-empleyo na magsagawa ng mga tungkulin na hindi pantahanan, dapat mong tanggihan ang kahilingan. Kung iginiit ng iyong tagapag-empleyo ang kahilingan, dapat kang lumapit sa ImmD o LD para sa tulong.

6.1.2 Ang mga FDH ay hindi dapat kumuha ng trabaho na orasan


Ang isang FDH na tumatanggap ng trabaho sa sinumang tao maliban sa tinukoy ng tagapag-empleyo sa kanyang bisa ay lalabag sa IO. Siya ay mananagot sa pag-uusig at pagdeporta mula sa HKSAR dahil sa paglabag sa mga kondisyon ng pananatili. Sa paghatol, ang pinakamataas na parusa ay multang \$50,000 at mabibilanggo sa loob ng dalawang taon. Kung ang isang FDH ay nadeporta na, hindi siya pinahihintulutan na bumalik sa Hong Kong upang magtrabahong muli bilang isang FDH.

6.1.3 Ang mga FDH ay hindi dapat gumanap ng mga tungkuling sa ibang lugar maliban lamang sa tirahan ng tagapag-empleyo na tinukoy sa SEC

Ang mga FDH ay dapat gumanap lamang ng mga tungkulin sa tirahan ng tagapag-empleyo na tinukoy sa SEC. Hindi sila pinapayagan na magtrabaho sa ibang lugar at tao maliban sa tirahan ng tagapag-empleyo na nakasaad sa SEC (tulad ng pangalawang bahay ng tagapag-empleyo) kahit na pinapayagan o hiniling ng tagapag-empleyo o EA ang isang FDH na gawin ito. Ito ay paglabag sa SEC at/o may katurang batas upang utusan ang isang FDH na magsagawa ng mga tungkulin na pantahanan o di-pantahanan sa ibang pang bahay ng tagapag-empleyo o sa labas ng HKSAR.

Kung nilabag mo ang mga termino ng SEC at ang nauugnay na pangako sa aplikasyon porm, hindi alintana kung kusang-loob man ito sayo o hindi, maaaring ituring ng ImmD ang ganitong pag-uugali sa pagsasaalang-alang sa iyong aplikasyon sa bisa sa hinaharap, at maaaring tanggihan ang naturang aplikasyon. Kung hiniling sayo ng tagapag-empleyo mo na magtrabaho sa labas ng HKSAR, dapat mong tanggihan ang kahilingan. Kung iginiit ng iyong tagapag-empleyo ang kahilingan, dapat kang lumapit sa ImmD o LD para sa tulong.

Ang ilang mga karaniwang halimbawa na nauugnay sa pagsasagawa ng mga tungkuling pantahanan ay ang mga sumusunod.

Mga Sitwasyon	Mga Pagpapaliwanag
<p>Inanyayahan ang mga kaibigan/kamag-anak sa bahay ng tagapag-empleyo para sa mga sosyal na pagtitipon at hiniling ang FDH na magsilbi sa mga panauhin at maghanda ng mga pampalamig, inumin at pagkain.</p> 	<p>Walang paglabag sa mga kaugnay na kinakailangan hangga't ang mga tungkulin na kinakailangang isagawa ng FDH ay ang mga tungkulin pantahanan na tinukoy sa "Iskedyul ng tirahan at mga tungkulin sa bahay" na nakalakip sa SEC.</p>
<p>Hiniling sa FDH na magdala ng pagkain o pangaraw-araw na pangangailangan sa isang miyembro ng sambahayan ngunit pansamantalang naospital.</p>	<p>Walang paglabag sa mga kaugnay na kinakailangan hangga't ito ay pansamantalang pag-aayos lamang na magdala ng pagkain o pangaraw-araw na pangangailangan sa mga miyembro ng sambahayan.</p>
<p>Hiniling ang FDH na magsagawa ng mga tungkulin sa labas ng tirahan ng tagapag-empleyo tulad ng pagbili ng mga groseri, paglinis ng kotse, paghatid ng mga bata sa mga aktibidad, pag-aalaga ng mga bata habang kumakain sa isang restawran o sa bahay ng kaibigan/kamag-anak.</p>	<p>Ang mga tungkulin na ito ay mga serbisyong ibinibigay sa tagapag-empleyo o sa kanyang/mga miyembro ng pamilya na nakatira sa iisang sambahayan. Ang mga ito ay itinuturing na mga tungkulin pantahanan.</p>

Ang tagapag-empleyo ay kahaliling naninirahan sa dalawang bahay, at ang FDH ay hiniling na magsagawa ng mga tungkulin pantahanan sa iba pang bahay ng tagapag-empleyo.

Ang tirahan ng tagapag-empleyo ay tumutukoy sa isang solong tahanan na tirahan sa isang lokasyon. Hindi maaaring hilingin ng tagapag-empleyo ang FDH na magtrabaho sa ibang bahay ng tagapag-empleyo maliban sa nakasaad sa SEC.

6.1.4 Ang mga FDH ay hindi dapat kumuha ng empleyo, magtatag o sumali sa isang negosyo nang walang pag-apruba ng Direktor ng Imigrasyon

Ang isang FDH na nagtatag ng hindi naapubahang negosyo o kumukuha ng hindi naapubahang trabaho (halimbawa iligal na paglalako) ay lalabag sa mga kondisyon ng pananatili na ipinataw sa kanya. Siya ay mananagot sa pag-uusig at kasunod na pagdeporta, at ang kanyang/mga hinaharap na aplikasyon sa bisa sa pagtatrabaho ay isasailalim sa masusing pagsisiyasat. Ang sinumang taong tumulong/humiikayat sa isang FDH na lumabag sa kondisyon ng pamamalagi ay mananagot sa pag-uusig at, kung magkasala, sa isang pinakamataas ng \$50,000 at mabibilanggo sa loob ng dalawang taon.



Mga Payo

Ang mga FDH ay hindi dapat makisali sa mga iligal na aktibidad sa paglalako

- Ang Paglalako nang walang isang wastong lisensya ay isang pagkakasala sa Hong Kong. Ang mga nagkasala ay mauusig at ang mga paninda ay madadakip. Ang pinakamatass na multa ay \$5,000 at mabibilanggo sa loob ng isang buwan sa unang paghatol. Ang kasunod na paghatol ay sasailalim sa isang pinakamatass na multa ng \$10,000 at mabibilanggo sa loob ng anim na buwan.
- Bukod pa, ang paglahok sa mga iligal na aktibidad ng paglalako ay paglabag sa mga kondisyon ng pamamalagi at ang FDH ay mananagot sa pag-uusig at kasunod na pagdeporta.

6.2 Limitasyon ng Pananatili

6.2.1 Pagpapanibago ng kontrata

Ayon sa Sugnay 13 ng SEC, kung ang parehong partido ay sumasangayon na pumasok sa isang bagong kontrata sa pagtatapos ng umiiral na kontrata, ang FDH ay babalik sa kanyang tahananbansa para sa isang bakasyon na hindi bababa sa pitong araw bago magsimula ang bagong kontrata (maliban kung ang naunang pag-apruba para sa isang ekstensyon ng pananatili ay ibinigay ng Direktor ng Imigrasyon na may magkakasamang kasunduan sa pagitan ng mga FDH at ng kanilang mga tagapag-employo. Ang nasabing ekstensyon ng pananatili, gayunpaman, ay karaniwang hindi hihigit sa isang taon).



Kung ang isang FDH ay hindi umalis sa Hong Kong sa katapusan ng bisa ng pananatili, siya ay nakagawa ng isang pagkakasala sa paglabag sa kanyang/mga kondisyon ng pananatili at mananagot sa pag-uusig at, kung magkasala, sa isang pinakamataas na multa ng \$50,000 at mabibilanggo sa loob ng dalawang taon. Siya ay mananagot sa pagdeporta mula sa HKSAR pagkatapos maipataw ang sentensya. Kung ang isang FDH ay nadeporta na, hindi siya pinahihintulutan na bumalik muli sa Hong Kong upang trabaho bilang isang FDH.

6.2.2 Pagwawakas ng kontrata

Inatasan ang mga FDH na umalis sa Hong Kong sa pagtatapos ng kanilang kontrata o sa loob ng dalawang linggo mula sa petsa ng terminasyon ng kanilang kontrata, alinman ang nauna.



Kung ang isang FDH ay hindi umalis sa Hong Kong sa katapusan ng bisa ng pananatili, siya ay gumawa ng isang pagkakasala para sa paglabag sa mga kondisyon ng pamamalagi at mananagot sa pag-uusig at, kung magkasala, sa isang pinakamataas na multa ng \$50,000 at mabibilanggo sa loob ng dalawang taon. Siya ay mananagot sa pagdeporta mula sa HKSAR pagkatapos maipataw ang sentensya. Kung ang FDH ay nadeporta, siya ay karaniwang hindi papayagan na bumalik muli sa Hong Kong upang trabaho bilang FDH.

6.3 Pag-abuso sa pag-aayos para sa pagpapaaga ng pagwakas ng kontrata (karaniwang kilala bilang “palipat-lipat ng trabaho”)

Sa ilalim ng umiiral na patakaran, ang mga aplikasyon mula sa mga FDH upang palitan ang tagapag-empleyo sa Hong Kong sa loob ng kanilang dalawang taong kontrata ay karaniwang hindi maaaprubahan maliban sa ilalim ng pambihirang mga pangyayari (halimbawa kung ang kontrata ng FDH ay nagwakas sa mga batayan ng paglipat, pangigingbang bansa, kamatayan o pinansyal na dahilan ng dating tagapag-empleyo, o kung may ebidensya na nagmumungkahi na ang FDH ay inabuso o pinagsamantalahan). Ang isang FDH na nagnanais na pumasok sa isang kontrata sa empleyo sa isang bagong tagapag-empleyo ay dapat munang bumalik sa kanyang tahananbansa at magsumite ng isang bagong aplikasyon para sa bisa ng trabaho sa ImmD.

Kung ang isang FDH ay pinaghihinalaang ng “palipat-lipat ng trabaho”, ang kanyang/mga aplikasyon sa bisa sa hinaharap para sa pagtatrabaho sa Hong Kong ay maaaring tanggihan.

6.4 Ang pagbibigay ng maling impormasyon ay isang pagkakasala

Ang pagbigay ng anumang maling impormasyon (kasama ang pangalan ng tagapag-empleyo, tirahan o antas ng sahod) sa SEC ay mahigpit na ipinagbabawal. Kung may malaking pagbabago sa paninirahan ng tagapag-empleyo at bilang ng mga miyembro ng sambayanan na dapat pagsilbihan, ang tirahan at pasilidad na ipagkakaloob, o mga tungkulin pantahanan, dapat ipagbigay-alam ng tagapag-empleyo sa FDH at ImmD. Ang tagapag-empleyo ay dapat ding magsumite ng isang kopya ng “Binagong iskedyul ng tirahan at mga tungkulin sa bahay” (ID 407G) nilagdaan ng parehong partido sa ImmD para sa talaan.

Ang mga FDH ay hindi dapat magbigay o sumasang-ayon sa mga kahilingan ng mga tagapag-empleyo o EAs na magbigay ng anumang maling impormasyon sa SEC. Ang isang tagapag-empleyo na nagbibigay ng maling impormasyon ay maaaring gumawa ng mga seryosong pagkakasala sa paggawa ng maling pahayag/representasyon sa ImmD at pagsasabwatan upang mapanlinlang. Sa ilalim ng mga umiiral na batas, ang sinumang gumawa ng maling pahayag/representasyon sa ImmD ay nakagawa ng isang pagkakasala at mananagot sa pag-uusig at, kung magkasala, sa isang pinakamataas na multa ng \$150,000 at mabibilanggo sa loob ng 14 na taon. Mauusig din ang mga tumulong at mga humikayat. Ang sinumang nahatulan ng paglabag sa pagsasabwatan upang manlinlang (sa ilalim ng Karaniwang Batas at mapaparusahan sa ilalim ng Ordinansa sa Krimen) ay mananagot at mabibilanggo sa loob ng 14 na taon.

Bahagi 7

Pakikisama sa Iyong Amo



Pakikisama sa iyong tagapag-employo

Ang mga FDH at ang kanilang mga tagapag-employo ay nakatira sa ilalim ng iisang bubong at sa may malapit na pakikipagugnayan. Ang mabisang komunikasyon, tiwala at respeto ay mahalaga sa pagbuo ng isang maayos na pangmatagalang relasyon sa pagtrabaho.



7.1 Ang mabisang komunikasyon at pagbuo ng tiwala sa isa't-isa

Kahit na ang mga FDH ay maaaring magkaroon ng karanasan sa pagsasagawa ng mga tungkulin pantahanan sa ibang bansa o nakapagtrabaho na dati sa Hong Kong, ang mga pangangailangan ng mga lokal na pamilya ay magkakaiba at ang mga tagapag-employo ay magkakaroon ng iba't ibang mga inaasahan sa mga FDH. Paminsan-minsan, ang mga FDH ay maaaring makaramdam ng pagkabigo kapag ang kanilang pagganap ay hindi naaayon sa mga pamantayan ng kanilang mga tagapag-employo. Makakatulong ang komunikasyon sa kapwa partido na mas maunawaan ang bawat isa, para malaman ng mga FDH ang mga inaasahan at kinakailangan ng mga tagapag-employo. Kasabay nito, maiintindihan din ng mga tagapag-employo ang mga pangangailangan at kahirapan ng kanilang FDH.

Nanggaling sa iba't ibang bansa, ang mga FDH ay maaaring magkaroon ng iba't ibang pinagmulan sa kultura, paniniwala sa relihiyon at gawi sa pagkain. Halimbawa, ang mga Muslim na mga FDH ay hindi kumakain ng baboy, ang Buddhist na mga FDH ay maaaring kailanganin na sundin ang isang mahigpit na diyeta ng gulay, at iba pa. Dapat mong ipaalam sa iyong tagapag-employo ang mga kinakailangang pag-aayos upang mapagbigyan ang iyong mga relihiyosong kaugalian at kagustuhan sa pagdiyeta. Kung naniniwala ka na hindi ka binigyan ng naaangkop o sapat na pagkain, o oras para kumain/pahinga, dapat niyong pag-usapan ng iyong tagapag-employo ang naaangkop o karagdagang pagkain, o masmahabang oras para kumain/oras ng pahinga.

Ang parehong partido ay hinihikayat na talakayin at ayusin ang isang kapwa katanggap-tanggap na iskedyul ng trabaho. Kung nakakaharap ka ng mga paghihirap sa pagsasagawa ng iyong mga gawain o pagsunod sa iskedyul ng trabaho, dapat mong ipaalam at talakayin sa iyong tagapag-empleyo at hilingin ang karagdagang mga bilin o isang praktikal na iskedyul ng trabaho. Dapat mo ring tandaan ang mga bilin mula sa iyong tagapag-empleyo upang maiwasan ang pagkakamali o pagkawala ng anumang mga gawain. Kapag ang mga pagkakamali ay nagawa, dapat mong deretsahan na tanggapin ang mga ito at sabihin sa iyong tagapag-empleyo. Dapat mo ring subukang tandaan ang mga bilin ng iyong tagapag-empleyo at gampanan ang mga tungkulin nang naaangkop sa susunod.



Ang mga tagapag-empleyo sa Hong Kong ay sa pangkalahatan ay sanay magsalita ng Cantonese at nagsasalita din ng Ingles at Putonghua. Kung hindi mo maintindihan ang mga bilin ng iyong tagapag-empleyo, dapat mong hilingin sa iyong tagapag-empleyo na ulitin, magsalita nang dahan-dahan o magbigay ng mas tiyak na mga bilin/patnubay. Kung kinakailangan, maaari ring magamit ang mga instrumento sa pagsasalin ng wika sa online.

Ang bukas at prangkang komunikasyon ay nagpapabuti sa pag-unawa ng magkabilang partido at tumutulong sa pagbuo ng tiwala sa pagitan ng mga FDH at mga tagapag-empleyo, na siyang susi sa isang maayos na relasyon sa pagtatrabaho. Ang iyong kasiya-siyang pagtupad at pagpayag na matuto ay makatutulong na makakuha ng tiwala at pagpapahalaga mula sa iyong tagapag-empleyo.

7.2 Igalang ang bawat isa

Upang mapanatili ang isang magiliw na relasyon sa pagtatrabaho, mahalaga na igalang ang pagkapribado ng iyong mga tagapag-empleyo/miyembro ng sambahayan. Kinakailangan ang mga FDH:

- huwag ipamahagi ang anumang mga litrato o bidyo ng inyong tagapag-empleyo/ miyembro ng sambahayan nang walang pahintulot;
- huwag ibunyag ang mga pansariling detalye ng inyong tagapag-empleyo/ miyembro ng sambahayan tulad ng mga numero ng telepona, kinaroroonan ng tirahan, at iba pa sa ibang partido nang walang malinaw na pagsangayon, o kung ganon maaaring nilabag mo ang kanilang pagkapribado. Ang pagsisiwalat ng mga pansariling detalye ay paglabag sa mga kinakailangan sa ilalim ng PDPO at bilang kinahinatnan, ang Komisyoner ng Pagkapribado para sa Pansariling Datos ay maaaring mag-isyu ng isang paunawang pagpapatupad laban sa nagkasala. Ang mga FDH na hindi sumunod sa paunawa ng pagpapatupad ay maaaring mananagot sa pag-uusig at, kung magkasala, sa isang pinakamataas na multa ng \$50,000 at mabibilanggo sa loob ng dalawang taon.

Ang mga FDH ay hindi dapat gumamit o kunin ang mga ari-arian ng kanilang tagapag-empleyo/miyembro ng sambahayan maliban kung malinaw na pagpayag nila dito. Ang pagnanakaw ay isang kriminal na pagkakasala, ang mga nagkasala ay mananagot sa pag-uusig at, kung magkasala, sa isang pinakamataas na parusa ng mabibilanggo sa loob ng sampung taon.

7.3 Pangangasiwa sa mga hindi pagkakaunawaan sa empleyo

Ang EO ay isang pangunahing piraso ng batas sa Paggawa sa Hong Kong na sumasakop sa lahat ng mga empleyado (kabilang ang mga FDH) na nagtatrabaho dito. Ang mga FDH ay may karagdagang proteksyon ng SEC na inilalahad ng gobyerno na naglalagay ng kanilang mga karapatan at proteksyon sa empleyo. Kung naniniwala ka na ang iyong mga karapatan sa empleyo ay nilabag, ipinapayo na linawin ang bagay sa iyong tagapag-empleyo at subukang lutasin ang pagtatalo ng magkasama. Kung nabigo kayo sa pribadong pagareglo, pinapayuhan ang parehong partido na humingi ng tulong sa LD. Para sa karagdagang mga detalye sa mga serbisyong ibinigay ng LD, mangyaring sumangguni sa Seksyon 9.1.1.



Mga Payo

Ang iligal na pag-aayos ng trabaho na hiniling ng mga tagapag-empleyo


Dapat malaman ng mga FDH na hindi sila pinahihintulutan na magsagawa ng iligal na gawain, tulad ng pagtatrabaho para sa sinuman maliban sa tagapag-empleyo o sa isang tirahan na hindi tinukoy sa SEC, at iba pa. Para sa higit pang mga detalye sa iligal na gawain, mangyaring sumangguni sa Seksyon 6.1.

Kung ang isang FDH ay hiniling na kumuha ng isang iligal na trabaho ng tagapag-empleyo, dapat niyang tangihan ang kahilingan at ipaalala sa tagapag-empleyo ang mga nauugnay na kinakailangan. Kung iginiit ng tagapag-empleyo ang kahilingan o isinasaalang-alang ng FDH na ang kanyang/mga karapatan ay nilabag, dapat siyang lumapit sa ImmD o LD para sa tulong.



Bahagi 8

Pagpapanatili ng Isang Malusog na Buhay sa Hong Kong



Pagpapanatili ng isang malusog na buhay sa Hong Kong

Nag-iisa sa paglalakbay ang mga FDH upang magtrabaho sa Hong Kong. Maaari kang makaramdam ng pangungulila at makaharap ng mga paghihirap na pag-akma sa trabaho sa isang bagong kapaligiran. Ang pagpapanatiling malusog sa pangkatawan at kaisipan ay isang paraan upang makayanan ang pangungulila at pagkapagod. Dapat mong alagaan ang iyong sarili at tiyaking magpahinga sa oras ng paglilibang para sa isang malusog na balanseng buhay-trabaho.

8.1 Pagkaya sa pangungulila sa pamilya at istres

8.1.1 Pagharap sa pangungulila

Iniwan ng mga FDH ang kanilang mga pamilya upang magtrabaho sa ibang bansa at maaaring makaramdam ng pangungulila sa simula. Ang Pangungulila ay maaaring makaapekto sa pagganap ng trabaho at pakikipagkapwa ng mga FDH. Ang pagpapanatiling bukas at positibong kaisipan ay makakatulong na makayanan ang mga bagong pagbabago nang mas madali.

Ang pakikipagugnay sa mga kaibigan o pakikilahok sa mga gawaing panlipunan sa panahon ng bakasyon ay maaaring mapawi ang pangungulila. Maaari mong makilala ang mga kapwa mong FDH mula sa iyong tahananbansa at magpalipas ng oras sa paglilibang nang magkasama. Maaari ka ring humingi ng praktikal na payo at mga payo mula sa bawat isa, na kapakipakinabang sa pag-akma sa isang bagong kapaligiran sa pagtatrabaho. Bukod pa, ang iba't ibang mga kagawaran ng pamahalaan o organisasyon ay magaaayos ng mga aktibidad para sa mga FDH. Para sa mga detalye sa mga aktibidad, mangyaring sumangguni sa Seksyon 8.5.

Gayundin, maaari mong mapanatili ang pakikipagugnay sa iyong pamilya at mga kaibigan sa iyong tahananbansa sa pamamagitan ng saglit na pagmemensahe at mga tawag sa bidyo. Maaari kang makipagusap sa iyong pamilya at mga kaibigan sa oras ng paglilibang o pagkatapos ng trabaho.

Gayunpaman, kung ang bigat ng trabaho ang pangunahing sanhi ng pagkapagod, hinihikayat kang talakayin sa iyong tagapag-empelyo ang mga paghihirap na nararanasan, at humingi ng gabay at pagsasaayos sa iskedyul ng trabaho kung kinakailangan.



8.1.2 Pamamahala sa istres

Ang mga pinagmumulan ng istres ay maaaring may kaugnayan sa trabaho tulad ng mabibigat na gawain, mahigpit na iskedyul ng trabaho, hindi pagkakaunawaan sa iyong tagapag-employo, hindi sapat na pahinga, at iba pa. Ang mga FDH ay maaaring magkaroon ng mga sintomas sa kaisipan at pangkatawan tulad ng sakit ng ulo, hindi makatulog, pagkawala ng ganang kumain, pagkalimot, pagkabalisa, at iba pa. Ang pagganap sa trabaho at pagiging produktibo ay maaapektuhan.

Maaari mong isaalang-alang ang mga sumusunod na paraan upang makayanan ang istres sa trabaho:

- talakayin sa tagapag-employo ang prioridad ng mga trabaho, unahin ang mga gawain ayon sa kagustuhan ng tagapag-employo at muling ayusin ang iskedyul ng trabaho kung kinakailangan;
- maunawaan ang mga pinagmumulan ng istres at makipagusap sa maaasahang mga tao;
- magisip nang positibo at manatiling masaya;
- mamuhay ng isang malusog na pamumuhay: katampatan at balanseng diyeta, sapat na tulog at pahinga, madalas na ehersisyo, tinatangkilik ang mga libangan at mga aktibidad sa paglilibang;
- magsagawa ng malalim na paghinga at magsagawa ng pagpapahinga sa kalamnan;
- mapahusay ang kakayahang makayanan ang istres sa trabaho, halimbawa mga kasanayan sa komunikasyon, pamamahala ng oras at pakikipag-ugnayan sa ibang tao;
- pagbutihin o alamin ang isang bagong kakayahan; at
- humingi ng tulong sa mga dalubhasa kung kinakailangan.

Maaari ka ring makakuha ng suporta at tulong mula sa Kagawaran ng Kapakanang Panlipunan (Numero: 2343 2255) at mga di-pampamahalaang organisasyon (mga NGO). Ang mga Samaritano – 24 Oras na numero na Maramihan-Linguwaheng pag-iwas sa pagpapakamatay ay nagbibigay ng mga serbisyo sa iba't ibang wika (2896 0000).

8.2 Pamamahala sa Pananalapi



Dapat mong gastusin ang pera nang matalino at pamahalaan ang iyong pananalapi nang maingat at maiwasan ang pagkahulog sa isang bitag ng utang. Ang pagbuo ng mabuting gawi sa pananalapi at pagiging matatag sa pananalapi ay maaaring makapigil sayo mula sa paghihirap mula sa pinansiyal

na istres. Ang mga FDH ay dapat iwasan ang pagkuha ng mga pautang. Kung hindi maiiwasan ang pagkuha ng pautang, pinapayuhan mong isaalang-alang ang sumusunod ng mabuti bago gawin ito:

- Para saan ang utang? Kailangan ba?
- Ano ang kabuuang halaga ng utang, halaga ng iteres at iskedyul ng pagbabayad?
- Kaya ko bang magbayad?

Dapat mong alalahanin ang batas na may kaugnayan sa pagpapautang ng pera sa Hong Kong kapag hihiram ng pera. Sa ilalim ng Ordinansa sa Pagpapautang ng Pera, ang isang taong sumasagawa ng negosyo bilang tagapagpahiram ng pera sa Hong Kong ay dapat makakuha ng isang lisensya na tagapagpahiram ng pera. Ang sinumang taong nagpahiram o nag-alok na magpahiram ng pera sa isang epektibong halaga ng interes na lumampas sa 48% bawat taon ay nakagawa ng isang pagkakasala at mananagot sa pag-uusig.

Hindi mo dapat hayaan ang mga EA na makisali sa iyong mga pinansiyal na gawain nang direkta o hindi. Hindi ka dapat magbayad sa mga EA sa pamamagitan ng pagkuha ng mga pautang mula sa mga institusyong pampinansyal o indibidwal. Ang mga reklamo laban sa mga EA na nagsasangkot sa mga maling gawain ay maaaring isampa sa Administrasyon ng mga ahensiyang pang-employo (EAA) ng LD. Para sa pagsumite ng mga katanungan o reklamo sa EAA, mangyaring sumangguni sa Seksyon 2.2.3.

Sa pagbawi ng anumang pautang na ginawa ng isang tagapag-employo sa isang FDH, hindi pinapayagan ang tagapag-employo na bawasan ang sahod ng FDH maliban sa kanyang nakasulat na pahintulot at ang halaga na ibabawas ay dapat nasa itinakda ng batas na pinahihintulutang parte ng sweldo na babayaran sa panahon ng pasahod. Para sa mga detalye, mangyaring nakagunahan sa Seksyon 4.2.3.

8.3 Pansariling kalinisan at pampublikong kalusugan

8.3.1 Mga Payo sa pansariling kalinisan

Ang pagpapanatili ng pansarili at sambahayan na kalinisan ay maaaring makaiwas sa pagkalat ng mga sakit. Pinapayuhan kang magbigay pansin sa pansariling kalinisan pati na rin sa kalusugan ng publiko. Dapat mong:



- hugasan ang mga kamay ng likwidong sabon at tubig pagkatapos gamitin ang banyo, pagkatapos ng paghawak ng mga lampin, bago ihanda ang pagkain, bago at pagkatapos ng pag-aalaga sa mga maysakit na miyembro ng sambahayan, pagkatapos ng pagbahing o pag-ubo o pagkatapos ng paghawak sa mga alagang hayop;
- maligo araw-araw;
- panatilihing malinis at maikli ang iyong mga kuko;
- palitan ang iyong damit at kalsunsilyo araw-araw;
- magsipilyo ng iyong ngipin ng tutpeys; at
- iwasan ang pagbabahagi ng mga suklay, sipilyo, at iba pang mga pansariling aytem sa iba.



Mga Payo

Ang Sentro para sa Pangangalaga ng Kalusugan (CHP), Ang Kagawaran ng Kalusugan ay naglabas ng isang buklet “Handbuk ng kalinisan para sa mga kasambahay” para sa pagbibigay ng impormasyon tungkol sa pansarili at sambahayan na kalinisan, pati na rin ang pangunahing kontrol ng impeksyon. Ang buklet ay magagamit sa Ingles at Indonesyan (www.chp.gov.hk/en/static/22465.html).

8.3.2 Kapag maysakit/napinsala

Kung ang isang FDH ay maysakit o napinsala, dapat niyang ipaalam sa tagapag-empleyo para maasikaso ang medikal na pagpapagamot sa lalong madaling panahon. Ang mga tagapag-empleyo ay dapat magbigay ng libreng medikal na pagpapagamot sa mga FDH alinsunod sa SEC. Ang FDH ay maaaring makakuha ng isang sertipiko ng konsultasyon o sertipiko ng medikal mula sa isang dalubhasang medikal upang patunayan na natanggap niya ang medikal na pagpapagamot kung hiniling ng kanilang tagapag-empleyo. Para sa mga detalye sa pagbibigay ng medikal na pagpapagamot, mangyaring sumangguni sa Seksyon 4.5.1.



Ang sapat na pahinga ay tumutulong sa mabilis na paggaling. Kung nagkasakit ka o napinsala, maaari kang makipagusap sa iyong tagapag-empleyo sa pagkakaroon ng dagdag na pahinga o pag-aayos ng iyong iskedyul ng trabaho kung kinakailangan. Hindi dapat hilingin ng isang tagapag-empleyo sa kanyang FDH na nasa pagliban sa pagkakasakit sa trabaho kahit na ang FDH ay hindi karapat-dapat sa alawans sa pagkakasakit (tulad ng siya ay hindi pa nakaipon ng sapat na bilang ng mga araw na may bayad sa pagkakasakit, ang pagliban sa pagkakasakit ay mas mababa sa apat na magkakasunod na araw, at iba pa). Para sa mga detalye sa alawans sa pagkakasakit, mangyaring sumangguni sa Seksyon 4.5.2.

Kung ikaw ay may malubhang sakit, dapat mong ipaalam sa iyong pamilya, ang konsulado sa Hong Kong at/o ang iyong mga EA para sa naaangkop na pag-asikaso.

8.3.3 Pampublikong kalusugan

Pana-panahong trangkaso

Ang pana-panahong trangkaso ay isang karaniwang impeksyon sa daanan ng panghinga na dulot ng mga bayrus ng trangkaso sa tao. Sa Hong Kong, ang pana-panahong trangkaso ay mas karaniwan mula Enero hanggang Marso at mula Hulyo hanggang Agosto. Ang mga bayrus ng trangkaso ay madalas na kumakalat sa pamamagitan ng maliliit na patak mula sa mga nahawaang tao kapag umuubo, bumabahin o nakikipagusap. Ang impeksyon ay maaari ring kumalat sa pamamagitan ng direktang paghawak sa mga sipon o laway ng mga nahawaang tao.

Dahil ang mga bakuna laban sa pana-panahong trangkaso ay ligtas at epektibo, ang lahat ng mga taong may edad na anim na buwan o pataas (maliban sa mga taong may nalalamang komplikasyon sa pagtanggap ng bakuna) ay inirerekomendang tumanggap ng bakuna laban sa pana-panahong trangkaso para sa pangsariling proteksyon. Karaniwan, iminumungkahi na ang pagbabakuna ay dapat na natanggap sa panahon ng taglagas bawat taon. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pana-panahong trangkaso, maaari mong bisitahin ang pahina ng website ng CHP (www.chp.gov.hk/en/static/22465.html) na magagamit sa Ingles, Tagalog, Indonesyan, Thai, Hindi, Nepali at Urdu.



Mga Payo

Dahil ang pag-ubo ay maaaring makabuo ng mga patak at nagkakat ng mga impeksyon, pinapayuhan kang mapanatili ang mga kaugalian ng pag-ubo na nakalista sa ibaba upang maiwasan ang pagkalat ng mga bayrus:



- takpan ang ilong at bibig ng tisyu kapag bumabahin o umuubo;
- magtapon ng maruming tisyu na papel nang maayos sa isang nakatakip na basuran;
- hugasan nang lubus ang mga kamay na may likwidong sabon at tubig pagkatapos ng pagbabahing o pag-ubo; at
- magsuot ng isang maskara habang may mga sintomas sa panghinga.

Tuberkulosis (TB)

Ang TB ay isang nakakahawang sakit sa pamamagitan ng hangin na matatagpuan sa buong mundo (kasama na sa ilang mga bansang Asyano). Kapag ang isang pasyente ng TB ay umuubo o bumahin, maaari niyang maikalat ng mga maliliit na patak na naglalaman ng mga tubercle bacilli. Ang mga maliliit na butil na ito ay maaaring manatiling nasuspende sa hangin ng maraming oras. Ang paghinga sa mga butil na ito ay maaaring maging sanhi ng impeksyon. Gayunman, ang matagal na pagkakatantad, ay karaniwang kinakailangan para maikalat ang sakit.

Kung mayroon kang mga sintomas ng TB tulad ng patuloy na pag-uubo, may bahid ng dugo na plema, pagkawala ng timbang sa katawan, tuloy-tuloy na lagnat, pagpapawis sa gabi, walang ganang kumain, at iba pa, dapat mong agad na ipagbigayalam sa iyong tagapag-empleyo para sa pag-aayos ng konsultasyong medikal. Maaari mong bisitahin ang pahina ng website ng Tuberkulosis at serbisyo para sa tsek-up ng Baga ng sangay ng pangpublikong kalusugan ng CHP (www.info.gov.hk/tb_chest/en) para sa karagdagang impormasyon.



Tigdas

Ang tigdas ay isang lubhang nakahahawang sakit. Maaari itong makaapekto sa sinumang tao na hindi imyun at maaaring humantong sa mga malubhang kahihinatnan o kamatayan. Ang tigdas ay nananatiling isang laganap na impeksyon sa ilang mga bansa sa Timog Silangang Asya (kabilang ang Indonesya, ang Pilipinas at Thailand). Ang ilang mga FDH ay maaaring hindi nagkaroon ng pagbabakuna ng tigdas sa kanilang mga tahananbansa bago sila dumating sa Hong Kong. Kapag nahawahan, maaari nilang ipasa ang bayrus sa kanilang mga kaibigan at kamag-anak, kanilang mga tagapag-empleyo at ibang miyembro ng sambahayan, lalo na ang mga sanggol na hindi pa nakatanggap ng pagbabakuna.

Ang bakuna para sa Tigdas, Beke at Rubella (MMR) ay isang ligtas at epektibong bakuna upang maiwasan ang mga impeksyon sa MMR. Upang mapigilan ang impeksyon at pagkalat sa komunidad, ang lahat ng mga FDH na hindi nagkaroon ng kumpirmadong impeksyon sa tigdas na sinuri sa laboratoryo dati, at hindi pa nabakunahan laban sa tigdas o walang tiyak na katayuan sa pagbabakuna, pinapayuhan na makatanggap ng bakuna ng MMR, bago sila pumunta sa Hong Kong. Kung hindi ito maaari, maaari silang sumangguni sa manggagamot ng pamilya pagdating nila sa Hong Kong. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa tigdas, maaari mong bisitahin ang pahina ng website ng CHP (www.chp.gov.hk/en), na magamit sa Ingles, Tagalog, Indonesyan, Thai, Hindi, Nepali at Urdu.



8.4 Kalusugan ng kababaihan at Pagbubuntis

Pangangalaga sa Pagdadalang Tao

Kung nagdadalang tao, dapat kang dumalo sa tsek-up upang matiyak ang kalusugan mo at ng iyong sanggol. Nagbibigay ang mga kawing sa ibaba ng impormasyon kung saan makakuha ng pagtsek-up sa pagdadalang tao:

- www.fhs.gov.hk/english/main_ser/process.html
- www.ha.org.hk/visitor/ha_visitor_index.asp?Content_ID=10065&Lang=ENG



Kung mayroon kang mga katanungan na may kaugnayan sa mga bagay tungkol sa kalusugan ng kababaihan o pagbubuntis, maaari mong tawagan ang mga sumusunod na numero para sa pagkonsulta at pagpapayo.

Impormasyon/mga serbisyo	Mga Nagbibigay ng Serbisyo	Mga Numero
Hindi planadong pagbubuntis	Kagawaran ng Kapakanang Panlipunan	2343 2255
Mga pamamaraan ng kontraseptibo, pang-emerhensiyang pagpipigil sa pagbubuntis at hindi planadong pagbubuntis	Mga klinika ng samahan ng pagpapalano ng Pamilya sa Hong Kong	2572 2222
Kalusugan ng pamilya	Kagawaran ng Kalusugan	2112 9900 (24-oras)
AIDS at nakakahawang sekswal na impeksyon	Kagawaran ng Kalusugan	2780 2211

Maaari ka ring humingi ng payo o tulong mula sa iyong tagapag-empleyo kung kinakailangan.



Mga Payo

Ang pangkalahatang impormasyon tungkol sa mga serbisyong pangkalusugan at medikal ng mga pampublikong ospital sa Hong Kong ay makikita sa website ng Awtoridad ng Ospital sa Hong Kong sa Tagalog, Indonesyan, Thai, Hindi, Nepali, Urdu at Punjabi (www3.ha.org.hk/em).

8.5 Mga aktibidad sa oras ng paglilibang

8.5.1 Mga aktibidad na isinaayos ng LD

Mga puwesto na nagbibigay impormasyon

Madalas na naglalagay ang LD ng mga puwestong nagbibigay impormasyon sa mga tanyag na lugar ng pagtitipon ng mga FDH tulad ng Victoria Park, Statue Square Gardens, Chater Garden, at iba pa tuwing Linggo. Kasama sa kaganapan ang mga mesang palaro, palabas na bidyo at eksibisyon upang maisulong ang mga karapatan at obligasyon ng mga FDH sa pagtatrabaho sa Hong Kong.

Mga Pagpupulong at Pagsasanay

Upang mapataas ang kamalayan ng mga FDH sa kanilang proteksyon sa empleyo, pati na rin magbigay ng kasangkapan sa mga FDH ng kaalaman at kahusayan na may kaugnayan sa kanilang empleyo sa Hong Kong (kabilang ang kaligtasan sa trabaho, kalusugan ng publiko, at iba pa), palaging nagsasagawa ang LD ng mga pagpupulong at pagsasanay para sa mga FDH sa buong taon.

Ang mga detalye ng mga puwestong nagbibigay impormasyon at mga pagpupulong, at impormasyon sa iba pang mga aktibidad ay makikita sa Portal ng FDH.



8.5.2 Mga pasilidad na ibinigay ng Kagawaran ng Serbisyo sa Libangan at Kultura (LCSD)

Ang LCSD ay nagbibigay ng isang malawak na hanay ng mga pasilidad sa paglilibang (kabilang ang mga tabing-dagat, languyan, parke, palaruan, museo, aklatan, pasilidad pang-isports, at iba pa) sa buong teritoryo. Para sa karagdagang mga detalye sa magagamit na mga pasilidad, mangyaring bisitahin ang website ng LCSD (www.lcsd.gov.hk/en).

8.5.3 Programa sa radyo

Ang mga FDH ay maaaring makinig sa radyo para sa pinakabagong impormasyon, balita at aliwan sa oras ng paglilibang. Ang anim na programa sa radyo na magagamit sa iba't ibang wika ay nakalista sa ibaba.

Programa (Wika)	Mga Istasyon	Oras ng pag-ere
Salamat Pagi Indonesyan (Cantonese at Indonesyan)	RTHK Radio 2 (FM94.8-96.9)	7:00 a.m. hanggang 8:00 a.m. sa Linggo
Pinoy Life (Ingles at Tagalog)	RTHK Radio 3 (AM567)	4:00 p.m. hanggang 6:00 p.m. sa Linggo
Saptahik Sandesh (Nepali)	RTHK Radio 3 (AM567)	7:05 p.m. hanggang 8:00 p.m. sa Linggo
Hong Kong Ki Shaam (Urdu)	RTHK Radio 3 (AM567)	8:05 p.m. hanggang 9:00 p.m. sa Linggo
Desi Tadka (Hindi)	Metro Plus (AM1044)	4:00 p.m. hanggang 5:00 p.m. sa Linggo
Siam Meung Yim (Thai)	Metro Plus (AM1044)	5:00 p.m. hanggang 6:00 p.m. sa Linggo

Bahagi 9

Suporta at Pagtulong



Suporta at Tulong

Upang matulungan ang integrasyon ng mga FDH sa komunidad, ang Pamahalaan at mga NGO ay nagbibigay ng suporta at tulong upang matustusan ang kanilang mga pangangailangan.

9.1 Mga bagay na may kaugnayan sa pagtatrabaho sa Hong Kong

9.1.1 Mga bagay na may kaugnayan sa mga karapatan at proteksyon sa pagtatrabaho

Ang mga paghahabol na may kaugnayan sa mga karapatan sa empleyo sa ilalim ng EO at SEC

Sa kaso ng mga hindi pagkakaunawaan sa trabaho (halimbawa hindi pagbabayad ng sahod, hindi pagkakaloob ng mga bakasyon, hindi pagsunod sa mga termino ng kontrata sa empleyo, at iba pa), Pinapayuhan ang mga FDH na humingi ng tulong kaagad at hindi dapat gumawa ng karahasan o mga iligal na kilos. Ang LRD ay nagbibigay ng mga libheng serbisyo sa konsultasyon at pagkakasundo upang matulungan ang mga empleyado (kabilang ang mga FDH), sa paglutas ng kanilang mga hindi pagkakaunawaan sa empleyo. Ang mga kinaroroonan ng mga tanggapan ng LRD ay nakalista sa Seksyon 11.2.

Ang opisyal ng pagkakasundo ay magbibigay-daan sa kapwa partido upang maabot ang isang kapwa katanggap-tanggap na pag-areglo sa pagpupulong ng pagkakasundo. Kung walang maabot na pag-areglo, depende sa halaga na hinahabol, ang mga kaso ay maaaring isangguni sa Hukuman sa Paggawa (LT) o ang Paghatol sa minorityang paghahabol na nauugnay sa empleyo (MECAB) para sa paghatol sa kahilingan ng mga nauugnay na partido.



Kung ang isang tagapag-empleyo ay hindi nabayad ng iginawad na halaga na iniutos ng LT o MECAB, ang FDH ay isasangguni sa Kagawaran ng Tulong-Ligal para humingi ng tulong sa Proteksyon ng Sahod sa Pagkaubos ng Puhunan para sa pag-aply ng pangkabutihang-loob na pagbayad upang mabawi ang natitirang iginawad na halaga.



Ang isang tagapag-empleyo na sinadya at walang makatwirang dahilan na hindi nagbayad ng isang iginawad na halaga ng LT o MECAB sa loob ng 14 na araw pagkatapos ng petsa kung saan dapat bayaran ang kabuuan halaga, ay mananagot sa pag-uusig at, kung magkasala, sa isang pinakamataas na multa ng \$350,000 at mabibilanggo sa loob ng tatlong taon.

Mga paghahabol na may kaugnayan sa mga pinsala sa trabaho at mga sakit dulot ng pagtatrabaho sa ilalim ng ECO

Tinutulungan ng ECD ang mga empleyado (kabilang ang mga FDH) na nagdaranas ng pinsala sa trabaho o isang sakit dulot ng pagtatrabaho na makakuha ng kabayaran sa ilalim ng ECO. Kapag ang isang FDH ay nagdanas ng pinsala sa trabaho o nakakuha ng isang sakit dulot ng pagtatrabaho na nakasaad sa ilalim ng ECO, dapat niyang ipagbigay-alam agad sa tagapag-empleyo. Dapat iulat ng mga tagapag-empleyo ang kaso sa ECD sa loob ng 14 na araw, kung hindi man ang mga napinsala na mga FDH ay dapat lumapit sa ECD para sa tulong. Ang mga kinaroroonan ng mga tanggapan ng ECD ay nakalista sa Seksyon 11.3.



Bukod sa mga pamamaraang sibil, kung sakaling ang anumang pinaghihinalaang paglabag sa EO o ECO ay natukoy, ang mga kaso ay isasangguni sa naaangkop na (mga) sangay para sa pagsisiyasat. Ang pag-uusig ay maaaring maitaguyod ng LD kung saan may sapat na ebidensya. Hinikayat ang mga FDH na kumilos bilang mga testigo sa pag-uusig kung kinakailangan.

Pangkalahatang katanungan at paraan ng pagreklamo

(a) Mga katanungan o reklamo na may kaugnayan sa pagtatrabaho sa Hong Kong

Ang LD ay nagtayo ng numero para sa FDH (2157 9537, hinawakan ng “1823”) upang magbigay ng mga isang sentralisadong suporta sa mga FDH, kabilang ang:

- (1) pagbibigay ng payo sa mga FDH tungkol sa kanilang mga karapatan at obligasyon sa empleyo sa ilalim ng SEC at mga nauugnay na batas sa paggawa;
- (2) pagsasangguni ng mga katanungan, mga kahilingan para sa mga serbisyo o tulong at reklamo sa mga kaugnay na usapin sa paggawa, tulad ng paghahabol na ukol sa empleyo o reklamo laban sa mga EA, sa mga nauugnay na sangay ng LD para sa pag-asikaso at/o imbestigasyon; at
- (3) pagpapayo o pagtulong sa mga FDH na makipagugnay sa naaangkop na ahensya na nagpapatupad ng batas upang magsampa ng kanilang mga katanungan, kahilingan para sa mga serbisyo o tulong at mga reklamo tungkol sa pinaghihinalaang pagsasamantala o pang-aabuso.

Ang numero ay nagpapatakbo ng 24 oras sa Cantonese, Ingles at Putonghua. Ang interpretasyon na serbisyo sa pitong wika (pinangalanang Tagalog, Indonesyan, Thai, Hindi, Nepali, Punjabi at Urdu) ay magagamit mula 8 a.m. hanggang 10 p.m., Lunes hanggang Linggo (hindi kasama ang mga pampublikong pista opisyal).

Maaari ka ring magpadala ng mga katanungan o reklamo sa pamamagitan ng online na porm sa portal ng FDH, na magagamit sa 12 wika, o sumulat sa LD sa dedikadong email (fdh-enquiry@labour.gov.hk).



(b) Mga katanungan o reklamo na may kaugnayan sa masamang gawain at katiwalian ng mga EA sa Hong Kong

Ang mga seksyon 2.1.2 at 2.2 ay ipinaliwanag nang detalyado na ang mga EA ay kinakailangan gumana nang buong pagsunod sa batas pati na rin ang CoP sa lahat ng oras.

Para sa mga katanungan o reklamo laban sa sinumang mga EA na pinaghihinalaang na hindi lisensyadong operasyon, ang labis na pagsingil sa mga naghahanap ng trabaho, sinasadyang magbigay ng maling impormasyon o hindi sumunod sa CoP, mangyaring makipagugnay sa EAA sa pamamagitan ng telepono 2115 3667 sa oras ng opisina o email sa ea-ee@labour.gov.hk. Maaari ka ring maghain ng reklamo sa pamamagitan ng online na porm sa Portal ng EA na magagamit sa anim na wika.

9.1.2 Mga bagay na nauugnay sa bisa sa empleyo, mga kondisyon ng pananatili at iba pang mga usapin sa imigrasyon

Para sa mga katanungan na may kaugnayan sa mga usapin sa imigrasyon, tulad ng impormasyon tungkol sa mga paghihigpit sa pagtatrabaho, aplikasyon para sa kard ng pagkakakilanlan ng Hong Kong, ekstensyon ng pamamalagi, pagpapanibago ng bisa sa empleyo , pagwakas ng kontrata, at iba pa, mangyaring tumawag sa numero ng Immd sa 2824 6111 o bisitahin ang website ng Immd (www.immd.gov.hk/eng) para sa karagdagang impormasyon.

9.2 Ang pagtatrabaho sa labas ng Hong Kong ay ipinagbabawal

Ayon sa SEC, ang isang FDH ay dapat lamang magsagawa ng mga tungkulin pantahanan sa tirahan ng tagapag-empleyo na itinukoy sa kontrata. Bukod dito, hindi dapat hiniling ng tagapag-empleyo ang FDH na kumuha ng anumang ibang trabaho sa ibang tao. Ang paglabag sa mga terminong ito ay nagpapakita ng paglabag sa mga kondisyon ng pamamalagi, at ang mga nararapat na aksyon ay ipapatupad ng mga kaugnay na awtoridad. Ang mga FDH na ipinadala upang magtrabaho sa labas ng Hong Kong ay hinikayat na iulat ito sa LD at/o Immd. Mangyaring tawagan ang numero ng LD para sa FDH sa 2157 9537 (hinahawakan ng “1823”) o Mga Pagkakasala ukol sa imigrasyon sa numerong 2824 1551 para sa tulong kung kinakailangan.

9.3 Pisikal at seksual na pang-aabuso

Pinoprotektahan ng umiiral na mga batas ang sinumang tao sa Hong Kong mula sa pangpisikal at seksual na pangaabuso tulad ng karaniwang pag-atake, panggagahasa at malaswang pag-atake. Ang mga FDH ay ganap na protektado sa ilalim ng batas bilang mga residente ng Hong Kong. Hinihikayat silang iulat ang mga kaso ng pang-aabuso sa Pulisya sa pamamagitan ng pagtawag sa 999 para sa mga emerhensya o pagbisita sa istasyon ng pulisya (www.police.gov.hk/ppp_en).




9.4 Mga serbisyo/tulong na ibinibigay ng mga NGO

Meron mga NGO na nagbibigay ng tulong sa mga FDH na nagtatrabaho sa Hong Kong. Ang ilan sa mga pangunahing ito ay nakalista sa ibaba. Mangyaring makipagugnay sa kanila para sa mga detalye ng mga serbisyong ibinigay.

Pangalan ng mga NGO	Paraan para mahanap	Mga pangunahing serbisyo
Caritas Hong Kong (Caritas Asian Migrant Workers Social Service Project)	Telepono: 2147 5988 WhatsApp: 5617 3559 Facebook: www.facebook.com/ CaritasAsianMigrantProject	<ul style="list-style-type: none">• Serbisyo ng mga numero para sa paghawak ng mga katanugan sa EO at mga tuntunin sa imigrasyon, at pagbibigay ng pagpapayo tungkol sa trabaho at emosyonal na suporta• Mga sanggunian sa mga kahilingan para sa pansamantalang tirahan, abogado at manggagamot• Pagtatasa sa mga sintomas ng depresyon, pagsasagawa ng mga kurso sa pamamahala ng istres at mga sanggunian sa mga serbisyo sa saykayatriko

<p>Christian Action (Centre for Migrant Domestic Workers)</p>	<p>Telepono: 5296 7332 (Tsim Sha Tsui Centre)</p> <p>2362 1922 (To Kwa Wan Centre)</p> <p>Website: www.christian-action.org.hk/en</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Pagbigay ng panandaliang tirahan at sikilohikal na pagpapayo at konsultasyon, pati na rin ang iba pang tulong pang-emerhensya • Suporta sa mga FDH para sa pagsumite ng mga paghahabol • Programa ng edukasyon upang mapahusay ang kaalaman sa mga karapatan at benepisyo • Mga pagsasanay at kawili-wiling kurso upang mapahusay ang mga kakayahan
<p>Enrich HK</p>	<p>Telepono: 2386 5811</p> <p>Website: www.enrichhk.org</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Pagbigay ng edukasyon pangpinansiyal at kapangyarihan sa pananalapi • Sesyon ng pagtuturo para sa pansariling pananalapi
<p>HELP for Domestic Workers</p>	<p>Telepono: 2523 4020</p> <p>WhatsApp: 5936 3780</p> <p>Website: helpfordomesticworkers.org/tl/home-2/</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Tulong sa pagtugis ng mga paghahabol tungkol sa trabaho at iba pang mga karapatan sa ilalim ng kontrata ng empleyo at mga batas sa paggawa sa LD at mga hukuman • Pagbigay ng ligal na payo sa mga FDH • Suporta sa mga FDH upang mapahusay ang kanilang kaalaman sa mga ligal na karapatan
<p>Hong Kong Christian Service – Centre for Harmony and Enhancement of Ethnic Minority Residents</p>	<p>Telepono: 3106 3104 (English) 3755 6811 (Indonesia) 3755 6855 (Tagalog) 3755 6866 (Thai) 3755 6877 (Hindi) 3755 6822 (Nepali) 3755 6844 (Punjabi) 3755 6833 (Urdu)</p> <p>Website: www.hkcs.org/en</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Mga serbisyo sa pagpapakahulugan at pagsasalin ng wika • Pagbigay ng pagpapayo, paggabay at serbisyo sa pagbigay ng sangguni



<p>Mission for Migrant Workers</p>	<p>Telepono: 2522 8264</p> <p>Website: www.migrants.net</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Tulong sa pagtugis sa mga paghahabol tungkol sa trabaho at anumang mga karapatan sa ilalim ng kontrata ng empleyo at mga batas sa paggawa sa LD at mga hukuman • Pagbigay ng ligal na payo sa mga FDH
<p>PathFinders</p> 	<p>Telepono: 5190 4886</p> <p>Website: www.pathfinders.org.hk</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Tulong sa mga nagdadalang tao na migranteng ina na nasa panganib at kanilang mga anak na isinilang sa Hong Kong, kasama ang mga tulong galing sa pamahalaan, pansamantalang tirahan at mga tulong na kagamitan, pangangalaga sa kalusugan, pagkuha sa hustisya, at iba pa • Pagsasagawa ng mga pagpupulong sa pagharap sa mga panlililang gamit ang pag-ibig, pag-iwas sa hindi planadong pagbubuntis at proteksyon sa pagdadalang tao
<p>RainLily</p>	<p>Telepono: 2375 5322</p> <p>Website: www.rainlily.org.hk/eng</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Itong sentro ng krisis ay nagbibigay ng 24-oras na sentralisadong serbisyo sa mga nakaligtas na biktima ng sekswal na karahasan • Pagbigay ng libreng agarang suporta sa krisis, pagpapayo, pagtutukoy sa nakakahawang sekswal na impeksyon at pagpapagamot para sa pag-iwas, ligal na impormasyon, at pagbigay suporta sa mga hudisyal na pamamaraan
<p>The Hong Kong Bayanihan Kennedy Town Centre</p>	<p>Telepono: 2817 8928</p> <p>Website: www.facebook.com/hkbkctc</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Pagsasagawa ng mga kurso sa sining sa pagluluto, pananahi at disenyo, aplikasyon sa kompyuter, at iba pa • Pagbigay ng mga pasilidad sa mga FDH tulad ng bulwagan, silid-aralan, silid-aklatan, silid-pangmusika, sinehan, makinang pangkopya at telepono para sa mga tawag na lokal at panlabas.

<p>Tung Wah Group of Hospitals</p> <p>(CEASE Crisis Centre)</p>	<p>Telepono: 18281 (24-oras na numero)</p> <p>Website: www.tungwahcsd.org/en/our-services/youth-and-family-services/family-and-child-welfare-services/CEASE/introduction</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Pamamagitan sa krisis at serbisyong pagsuporta para sa mga biktima ng sekswal na karahasan at mga indibidwal/ mga pamilya na nakakaranas ng karahasan sa tahanan o iba pang mga krisis pangpamilya • Pagbibigay ng serbisyong pagsuporta kasama ang 24-oras na matatawagan, mga programang pag-aabot ng serbisyo at panandaliang serbisyo sa tirahan
<p>YMCA of Hong Kong</p> <p>(Overseas Domestic Workers Programme)</p>	<p>Telepono : 2268 7736</p> <p>Website: mcs.ymcahk.org.hk/en/DH</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Pagsasagawa ng mga kurso sa pagsasanay at mga kawili-wiling klase (halimbawa kompyuter, pangangalaga sa mga matatanda, pangangalaga ng sanggol, wika, pagluluto, at iba pa)




Mga Payo

Ang pangkat ng Ugnayan sa Lahi ng Kagawaran ng Ugnayang Pantahanan ay naglathala ng “Ang iyong gabay sa mga serbisyo sa Hong Kong” (www.had.gov.hk/rru/english/home) para sa sanggunian ng mga FDH/mga etnikong minority na naninirahan sa Hong Kong upang maunawaan ang pangaraw-araw na buhay sa Hong Kong at ang iba’t ibang mga serbisyong suporta na magagamit sa lipunan. Makukuha ang gabay sa pitong wika, na Ingles, Tagalog, Indonesyan, Thai, Hindi, Nepali at Urdu. Ang mga kopya ay maaaring makuha nang walang bayad sa isang unang-dumating ay unang-pagsisilbihan na batayan mula sa mga sentro sa pagtatanong na may kaugnayan sa tahanan, LD, mga kaugnay na konsulado sa Hong Kong at mga organisasyon sa komunidad. Ang mga kopya ng gabay ay ipinamamahagi din sa mga bagong dating na banyaga na dumating sa pangdaigdigang paliparan ng Hong Kong.



Bahagi 10

Makabuluhang Kwento



Makabuluhang Kwento

Pagbabahagi ng isang grupo ng mga Kambodian na kasambahay

Maligayang Pagdating sa Hong Kong

Nagpapasalamat ang Hong Kong sa aming mga FDH sa pagtulong at pangangalaga sa mga lokal na pamilya. Inaanyayahan namin ang mga kasambahay ng iba't ibang nasyonalidad. Kasunod ng pagpapaluwag ng kinakailangan na bisa sa mga mamamayan ng Cambodia noong Marso 2017, ang unang grupo ng mga kasambahay na galing sa Cambodia ay dumating sa Hong Kong sa pagtatapos ng 2017.

Tulad ng kanilang mga kapareho mula sa ibang mga bansa, iniwan ng mga kasambahay na galing sa Cambodia ang kanilang mga pamilya at mga kaibigan upang trabaho sa Hong Kong. Bukod sa malampasan ang mga paghihirap sa pag-akma sa bagong kapaligiran sa pagtatrabaho at pakikipagugnay sa mga tagapag-empleyo at mga miyembro ng sambahayan, maaari rin silang manguhila. Anim na bagong dating mula sa Cambodia, Bb CHHORN Kimrortha (Kimrortha), Bb MAO Sreymom (Sreymom), Bb MECH Narorn (Narorn), Bb SIM Sineth (Sineth), Bb SOK Saphan (Saphan) at Bb SOK Sophea (Sophea) ay nasisiyahang ibahagi ang kanilang buhay bilang mga kasambahay sa Hong Kong.

Pagtatrabaho bilang isang kasambahay sa Hong Kong

Ang nagtulak kay Kimrortha na pumunta at magtrabaho sa Hong Kong ay ang suweldo. Kung ikukumpara sa buwanang kita ng US\$100 bilang isang pangkalahatang manggagawa sa Cambodia, maaari siyang kumita sa paligid ng US\$580 bilang isang FDH dito, na halos anim na beses sa kanyang orihinal na suweldo. “Kailangan kong magbigay ng suportang pinansyal sa aking mga magulang at anak. Ang kanilang mga kondisyon sa pamumuhay sa Cambodia ay napabuti nang marami mula nang dumating ako sa Hong Kong para magtrabaho.



Nais kong bumili ng isang malaking bahay para sa aking buong pamilya upang mabuhay nang magkasama at magkaroon ng sariling negosyo sa pagpapatakbo ng isang pamilihan sa Cambodia.” Bukod sa mapagkumpitensyang suweldo, naakit siya sa Hong Kong dahil sa buo at komprehensibong proteksyon sa pagtatrabaho, tulad ng masmaraming may bayad na bakasyon at masmahusay na mga pangkalahatang karapatan sa paggawa kung ihahambing sa ibang mga lugar sa Asya.

Sinabi ni Sreymom na “hindi tulad sa istilo ng tirahan sa Cambodia, karamihan sa mga lokal na pamilya ay nakatira sa mga matataas na gusali at ang kasambahay sa Hong Kong ay karaniwang hindi kinakailangan pangasiwaan ang mga tungkulin tulad ng paghahardin, pagpapanatili at pagkumpuni ng mga kagamitan, paglilinis sa likod-bahay, at iba pa. Ang mga tungkulin ng isang FDH dito higit sa lahat ang mag-asikaso ng mga gawaing-bahay, na masmagaan”.




Mga unang impresyon sa Hong Kong

Si Saphan ay tuwang-tuwa sa paggunita sa kanyang pagdating sa Hong Kong. Ang una niyang impresyon sa Hong Kong ay “makabago at maganda”. “Ang paliparan ay mas nangunguna at masmalaki kaysa sa Cambodia. Gayundin, ang mga tao sa Hong Kong sa pangkalahatan ay mabait sa mga dayuhan. May isang beses nang nawala ako sa kalsada, at ang mga mamamayan ay handa na ipakita sa akin ang daan nang matiyaga.” Ang iba pang mga nakapanayam ay sumangayon kay Saphan at tumango nang masigasig. Tila nakasanayan na nila tumira dito nang walang kahirapan.

Pumasok si Sineth at sinabihan kami ng kanyang naranasan sa pagpunta sa panayam na ito. “Ito ang aking unang pagkakataon na pumunta sa Kwun Tong mula sa bahay ng aking tagapag-empleyo. Hindi ako pamilyar sa daanan at humingi ako ng tulong sa tatlong tao na nasalubong ko. Sa kabutihang palad, lahat sila ay handang tumulong sa akin.” Kahit na hindi masyadong nakapagsalita si Sineth ng Cantonese ngayon, naniniwala siya na madali siyang makakaakma sa buhay ng lungsod ng mabilis dahil ang mga tao sa Hong Kong ay karaniwang matulungin. iminumungkahi niya sa kanyang mga kapareho na “makakahanap sila ng masayang pagtatrabaho at pamumuhay sa Hong Kong.”

Pagharap sa pangungulila


Gayunpaman, ang paghihirap na makayanan ang pangungulila ay mas mahirap kaysa sa ating akala. Si Saphan ay may kapanagutan sa pag-aalaga ng isang bata na kaparehong edad ng kanyang anak. Sabi niya, “Kapag inaalagaan ko ang anak ng aking tagapag-empleyo, paminsan-minsan ay namimis ko ang aking anak.” Gumagamit siya ng saglit na pagmemensahe at mga bidyo na tawag sa kanyang anak upang maitatag ang kanilang relasyon at masaksihan ang kanyang paglaki. “Ito ay isang epektibong paraan upang mapagaan ang pangungulila at makipagugnay sa aking pamilya sa Cambodia. Nakikita ko ang kanilang mga mukha sa pamamagitan ng mga bidyo na tawag.” Nabanggit din niya na maraming mga libreng Wi-Fi hotspot sa Hong Kong kung saan maaari siyang makipagugnay sa kanyang pamilya nang walang bayad sa panahon ng kanyang paglilibang.



Ibinahagi ni Kimrortha na minsan ay nalulungkot siya nang wala ang kanyang pamilya. Sinabi niya na ang pakikipagusap sa mga kaibigan sa panahon ng bakasyon ay isang pagpipilian upang maibsan ang pangungulila. “Madali at maginhawa ang paglalakbay sa paligid ng Hong Kong. Nakakasama ko ang aking mga kaibigan sa araw ng pamamahinga at nasisiyahan ako na ibahagi ang aking mga kasiyahan at kahirapan sa kanila”. Pinayuhan niya ang kanyang mga kapareho na makipagsalamuha sa araw ng pamamahinga upang makakuha ng suporta at paghihikayat mula sa mga kaibigan.



Si Narorn ay nagtatrabaho para sa isang may-edad na magasawa at higit sa lahat ay tumutulong sa kanila upang maghanda ng pagkain. Sabi niya, “Mahilig akong magluto. Tinuruan ako ng aking tagapag-empleyo na magluto ng mga pagkaing Tsino tulad ng tradisyonal na sopas, nilalang isda, ginisang manok na may toyo, kakanin na labanos, at iba pa, hindi ko pa nasubukan ang mga ito. Bukod dito, tinatrato nila ako bilang isang kapamilya at palaging inaanyayahan na kumain ng magkasama. Nakakatuwa talaga na subukan ang mga bagong luto, lalo na dahil ako ang gumawa ng ito. Ang lasa ay hindi masama! Ang aking mga kasanayan sa pagluluto ay napabuti ng marami! Nais kong ibahagi ang mga resipi sa aking pamilya at mga kaibigan kapag bumalik ako sa Cambodia.” Sinabi pa ni Narorn na “mas magiging masaya ang iyong buhay kung gusto mo ang iyong trabaho”.



Ang pagiging isang magaling na kasambahay

Hindi isang madaling gawain para sa isang FDH na manirahan sa pamilya ng kanyang tagapag-empleyo na maaaring magkaroon ng ibang kultura, gawi sa pamumuhay at mga kagustuhan sa pagkain. “Paano maging isang magaling na kasambahay” ay isang tanong na maaaring pagisipan ng sarili. Ang karanasan mula sa mga nakapanayam ay maaaring magbigay sa kanilang mga kapareho ng ilang mga pahiwatig.

Pinayo ni Kimrortha na, “Una sa lahat, ang pagiging masipag ay isang kinakailangan. Bukod dito, palagi tayong dapat mag-isip tungkol sa mga pangangailangan ng ating mga tagapag-empleyo, at alalahanin at sundin ang kanilang mga tagubilin sa trabaho. Pinahahalagahan ng mga tagapag-empleyo ang ating pagpapakahirap sa trabaho kung tayo ay seryoso at nagsikap sa pagsasagawa ng mga tungkulin.” Ang kasiya-siyang pagganap ay maaaring walang alinlangan na makakatulong sa pagkamit ng tiwala at pagpapahalaga ng mga tagapag-empleyo.



Dagdag pa niya, “Kung hindi tayo sigurado tungkol sa mga tagubilin ng tagapag-empleyo, kailangan nating linawin sa kanila kaagad nang walang pag-aatubili, o hilingin sa kanila na ulitin ang mga tagubilin kung kinakailangan. Ang pakikipagtalo sa mga tagapag-empleyo ay hindi kailanman solusyon, dahil mapapalala lamang nito ang relasyon. Bukod dito, ang tiwala ay ang susi sa isang mabuting relasyon. Kapag nawalan ng tiwala sa iyo ang isang tagapag-empleyo, ang makabilang partido ay hindi magiging mabuti o masaya ang pakiramdam.”

Ibinahagi ni Sophea ang kanyang karanasan na, “May isang panahon na pinapaalalahanan ako ng aking tagapag-empleyo na ilaba sa kamay ang kanyang mamahaling bagong damit. Gayunpaman, nakalimutan ko ang kanyang tagubilin sa paglaba sa kamay at inilagay ito sa makinang panglabada. Ang damit ay kalaunan nasira at hindi na maaaring masuot muli.



Nakaramdam ako ng panghihinayang at naipagtapat ko kaagad sa aking tagapag-employo. May natutunan akong aral mula sa pangyayaring ito. Mula noon, inalala ko ng mabuti ang mga tagubilin ng aking tagapag-employo.” Dagdag ni Kimrortha, “Kung nagkamali tayo sa trabaho, hindi tayo dapat gumawa ng mga dahilan. Dapat tayong humingi ng tawad nang agad-agad, alamin ang aral at huwag ulitin ang pagkakamali.” Sa isang matapat na puso at kaayaayang isip, ang ugnayan sa mga tagapag-employo ay maaaring mapahusay at mapabuti.

Sinabi ni Narorn na, “Ang pag-unawa sa mga pangangailangan ng iyong tagapag-employo at pagiging maalalahanin ay mahalaga. Dapat nating isipin mula sa pananaw ng tagapag-employo. Halimbawa, nirerespeto ko ang mga kagustuhan sa pagkain ng aking tagapag-employo at hindi ako nagdaragdag ng maraming asin o mantika kapag nagluluto.” Inilarawan niya ang kanyang sarili bilang isang masuwerteng babae dahil ang kanyang tagapag-employo ay tinatratro siya ng maayos. “Itinuring ako ng aking tagapag-employo tulad ng kanyang anak na babae. Kapag sabay kaming lumabas, paminsan-minsan binibili niya ako ng mga damit at sapatos. Nag-uusap din kami tungkol sa pagpipinta ng kuko at kung minsan ay inaanyayahan niya ako na subukan ang mga pintura ng kuko! Dahil hindi ako masyadong nakapagsasalita mabuti ng Cantonese o Ingles sa sandaling ito, binibigyan ako ng aking tagapag-employo ng listahan ng mga bibilhin sa tsino upang madali kong mabili ang mga groseri.” Nakasundo niya nang husto ang kanyang tagapag-employo at ang dalawang partido ay gumagalang sa bawat isa, na mahalaga din sa pagtatatag ng isang maayos na relasyon sa pagtatrabaho.



Iminungkahi ni Saphan na dapat mapagbuti ng mga FDH ang kanilang mga kakayahan sa wika upang mapahusay ang kanilang mga kasanayan sa komunikasyon. “Dahil sa ang aking pagsasalita ng Ingles at Cantonese ay hindi maganda sa una, nagpasya akong matuto ng Ingles upang masmaipahayag ko ang aking sarili nang masmahusay. Natutunan ko ang wikang Ingles pagkatapos ng trabaho araw-araw sa pamamagitan ng isang online na istasyon ng ilang mga taga-Cambodia. Sinubukan ko ring magsanay ng Ingles sa pangaraw-araw kong pamumuhay! Maaari na akong makipagusap sa aking tagapag-employo sa masmahusay na Ingles. Ang aming relasyon ay umunlad habang naiintindihan namin ang bawat isa.” Sa masmahusay na Ingles, inaasahan din ni Saphan na magkaroon siya ng masmagandang hinaharap kapag bumalik siya sa Cambodia.



Ito ang unang pagkakataon para sa mga nakapanayam na pumunta sa Hong Kong upang magtrabaho bilang mga FDH, at hindi ito isang madaling pagpapasya. Kahit na mahirap na umangkop sa bagong buhay sa pagtatrabaho sa simula, lahat sila ay may kumpiyansa at positibo pagkatapos ng pagtatrabaho nang ilang buwan. Mula sa kanilang mga nakangiting mukha, alam namin na gumawa sila ng tamang desisyon na magtrabaho bilang mga FDH sa Hong Kong.



Sineth (kaliwa) at Kimrortha (kanan) mula sa unang pangkat ng mga kasambahay sa Cambodian na nagbahagi ng kanilang matagumpay na karanasan at nagbibigay ng mga kapaki-pakinabang na payo sa kanilang mga kapareho. (Pumayag ang mga nakapanayam sa pagsapubliko ng litratong ito.)

Bahagi 11

Mga Kapaki Pakinabang na Sanggunian



Mga Kapaki-pakinabang na sanggunian

11.1 Mga matatawagang numero at mga kaugnay na website

Mga kagawaran ng pamahalaan/Opisyal na awtoridad			
Mga Organisasyon	Mga Saklaw	Telepono	Mga website/email
Kagawaran ng Paggawa	Mga Karapatan ng mga FDH at batas sa paggawa	2157 9537 (numero para sa mga FDH, hinahawakan ng "1823")	www.labour.gov.hk/eng/news Portal ng FDH www.fdh.labour.gov.hk/tagalog/ Dedikadong email fdh-enquiry@labour.gov.hk
	Pangasiwaan ng mga EA	2115 3667	Portal ng EA www.eaa.labour.gov.hk/en/home.html
	Kaligtasan at kalusugan sa pagtatrabaho	2559 2297	www.labour.gov.hk/eng/osh
Kagawaran ng Imigrasyon	Mga bagay na nauugnay sa bisa	2824 6111	www.immd.gov.hk/eng
Puwersang Pulisya ng Hong Kong	Tulong sa emerhensya	999	www.police.gov.hk/ppp_en
Kagawaran ng serbisyong nauugnay sa sunog	Pag-iwas at proteksyon sa sunog	2723 8787	www.hkfsd.gov.hk/eng
Kagawaran ng kapakanang panlipunan	Kapakanan ng lipunan	2343 2255	www.swd.gov.hk/en/index
Sentro para sa pangangalaga ng kalusugan, Kagawaran ng Kalusugan	Impormasyon sa pagbabakuna ng MMR	2125 2235	www.chp.gov.hk/en
	Impormasyon sa TB at impormasyon para mahanap ang sangay ng serbisyo sa pampublikong pangkalusugan para sa tuberkulosis at serbisyo sa tsek-up sa dibdib	2572 6024	www.info.gov.hk/tb_chest/en

Kagawaran ng Kalusugan	Kalusugan pangpamilya	2112 9900 (24-oras na matatawagan para sa impormasyon)	www.fhs.gov.hk/english
	AIDS at mga nakakahawang sekswal na impeksyon	2780 2211	www.27802211.com/en
Awtoridad ng mga ospital	Mga serbisyong pangkalusugan at medikal	2300 6555	www3.ha.org.hk/em
Konseho ng kaligtasan at kalusugan sa pagtatrabaho	Kurso sa kaligtasan para sa mga FDH	2311 3322	www.oshc.org.hk/eng
Komisyoner ng Pagkapribado para sa pansariling datos	Pagkapribado ng pansariling datos	2827 2827	www.pcpd.org.hk/
Komisyon sa Pantay-pantay na Oportunidad	Impormasyon sa mga isyung laban sa diskriminasyon	2511 8211	www.eoc.org.hk/
Kagawaran ng Adwana at Buwis na Kinakaltas	Paguulat sa mga mali at mapaglinlang na impormasyon sa mga serbisyong ibinigay ng mga EA	2815 7711	www.customs.gov.hk/en/home/index.html
Konseho Ng Mamimili	Paguulat sa hindi patas na pakikitungo at kinagawian ng mga EA	2929 2222	www.consumer.org.hk/ws_en

Mga Konsulado sa Hong Kong (nakaayos sa pagkasunud-sunod na alpabetong ingles)

Mga bansa	Telepono	Mga website/email
Bangladesh	2827 4278	hongkong.mofa.gov.bd
Cambodia	2546 0718	camcg.hk@mfaic.gov.kh cacghk@netvigator.com
India	3970 9900	www.cgihk.gov.in/
Indonesya	3651 0200	www.kemlu.go.id/hongkong/en
Myanmar	2845 0810	www.myanmarconsulatehk.org
Nepal	2369 7813	hkg.nepalconsulate.gov.np

Pakistan	2827 0681	www.pakistan.hk
Philippines	2823 8500	hongkongpcg.dfa.gov.ph
Sri Lanka	2797 8287	hon-consul@srilanka.com.hk
Thailand	2521 6481	hongkong.thaiembassy.org

Mga di-pampamahalaang organisasyon

Mga Organisasyon	Mga Saklaw	Telepono	Mga Website/email
Caritas Hong Kong (Caritas Asian Migrant Workers Social Service Project)	Mga Serbisyo ng pagtatanong at pagbigay ng sangguni	2147 5988 WhatsApp: 5617 3559	Facebook: www.facebook.com/ CaritasAsianMigrantProject
Christian Action (Centre for Migrant Domestic Workers)	Pagbigay ng pansamantalang tirahan at iba pang suporta sa mga FDH, kasama ang serbisyo sa pagsasalin ng wika at serbisyo sa pagpapayo	5296 7332 (Tsim Sha Tsui Centre) 2362 1922 (To Kwa Wan Centre)	www.christian-action.org.hk/en
Enrich HK	Edukasyon sa pananalapi at pagbibigay-husay sa pananalapi	2386 5811	www.enrichhk.org/
HELP for Domestic Workers	Tulong sa pagtugis ng mga karapatan sa ilalim ng kontrata ng empleyo at mga batas sa paggawa	2523 4020 WhatsApp: 5936 3780	helpfordomesticworkers.org/tl/ home-2/
Hong Kong Christian Service – Centre for Harmony and Enhancement of Ethnic Minority Residents	Mga serbisyo sa interpretasyon at pagsasalin ng wika, pagpapayo, paggabay at mga serbisyong pagbigay ng sangguni	3106 3104 (English) 3755 6811 (Indonesia) 3755 6855 (Tagalog) 3755 6866 (Thai) 3755 6877 (Hindi) 3755 6822 (Nepali) 3755 6844 (Punjabi) 3755 6833 (Urdu)	www.hkcs.org/en

Mission for Migrant Workers	Tulong sa pagtugis ng mga karapatan sa ilalim ng kontrata ng empleyo at mga batas sa paggawa	2522 8264	www.migrants.net/
PathFinders	Tulong sa mga nagdadalang tao na nasa panganib at kanilang mga anak na isinilang sa Hong Kong	5190 4886	www.pathfinders.org.hk
RainLily	Tulong sa mga isyung nauugnay sa sekswal na karahasan	2375 5322	www.rainlily.org.hk/eng
The Family Planning Association of Hong Kong	Impormasyon at mga serbisyo na nauugnay sa paraan ng kontraseptibo, emerhensyang kontrasepsyon at hindi planadong pagbubuntis	2572 2222	www.famplan.org.hk/en
The Hong Kong Bayanihan Kennedy Town Centre	Pagbibigay ng mga kurso sa pagsasanay at mga pasilidad	2817 8928	www.facebook.com/hkbkctc
Tung Wah Group of Hospitals (CEASE Crisis Centre)	Tulong sa mga isyung nauugnay sa sekswal na karahasan at karahasan pantahanan	18281 (24-oras na numero)	www.tungwahcsd.org/en/our-services/youth-and-family-services/family-and-child-welfare-services/CEASE/introduction
YMCA of Hong Kong (Overseas Domestic Workers Programme)	Mga kurso sa pagsasanay at mga klase sa kinahihiligan libangan	2268 7736	mcs.ymcahk.org.hk/en/DH

11.2 Tanggapan ng sangay ng mga ugnayan sa paggawa ng Kagawaran ng Paggawa

Tanggapan	Kinaroroonan
Hong Kong	
Hong Kong East	12/F, 14 Taikoo Wan Road, Taikoo Shing, Hong Kong
Hong Kong West	3/F, Western Magistracy Building, 2A Pokfulam Road, Hong Kong
Kowloon	
Kowloon East	UGF, Trade and Industry Tower, 3 Concorde Road, Kowloon
Kowloon West	Room 1009, 10/F, Cheung Sha Wan Government Offices, 303 Cheung Sha Wan Road, Sham Shui Po, Kowloon
Kowloon South	2/F, Mongkok Government Offices, 30 Luen Wan Street, Mongkok, Kowloon
Kwun Tong	Units 801-806, 8/F, Tower 1, Millennium City 1, 388 Kwun Tong Road, Kwun Tong, Kowloon
New Territories	
Tsuen Wan	5/F, Tsuen Wan Government Offices, 38 Sai Lau Kok Road, Tsuen Wan, New Territories
Kwai Chung	6/F, Kwai Hing Government Offices, 166-174 Hing Fong Road, Kwai Chung, New Territories
Tuen Mun	Unit 2, East Wing, 22/F, Tuen Mun Central Square, 22 Hoi Wing Road, Tuen Mun, New Territories
Shatin & Tai Po	Rooms 304-313, 3/F, Sha Tin Government Offices, 1 Sheung Wo Che Road, Sha Tin, New Territories

Mga oras ng serbisyo: Lunes hanggang Biyernes (maliban sa pampublikong pista opisyal) (09:00 a.m. – 1:00 p.m. at 2:00 p.m. – 6:15 p.m.)



Mangyaring bisitahin ang website ng Kagawaran ng Paggawa (www.labour.gov.hk/eng/tele/lr1.htm) o iiskan ang QR code para sa pinakabagong kinaroroonan.

(Mga tanggapan ng sangay ng mga ugnayan sa paggawa)

11.3 Tanggapan ng sangay ng bayad-pinsala para sa mga empleyado ng Kagawaran ng Paggawa

Tanggapan	Kinaroroonan
Mga kaso ng pinsala dahil sa pagtatrabaho	
Isumite ang mga kaugnay na porm para sa pag-ulat ng mga kaso ng pinsala dahil sa pagtatrabaho o mga kaso ng niresetahang sakit dahil sa pagtatrabaho:	
Sangay ng operasyon para sa bayad-pinsala para sa mga empleyado – Sentral na pangkat ng pagproseso	Room 1007, 10/F, Cheung Sha Wan Government Offices, 303 Cheung Sha Wan Road, Kowloon
Mga katanungan sa mga naiulat na mga kaso ng pinsala dahil sa pagtatrabaho o mga kaso ng niresetahang sakit dahil sa pagtatrabaho:	
Sangay ng operasyon para sa bayad-pinsala para sa mga empleyado – Pangkat A	Room 1605, 16/F, Southorn Centre, 130 Hennessy Road, Wanchai, Hong Kong
Sangay ng operasyon para sa bayad-pinsala para sa mga empleyado – Pangkat B	18/F, One Mong Kok Road Commercial Centre, 1 Mong Kok Road, Kowloon
Sangay ng operasyon para sa bayad-pinsala para sa mga empleyado – Pangkat C	6/F, Tsuen Wan Government Offices, 38 Sai Lau Kok Road, Tsuen Wan, New Territories
Sangay ng operasyon para sa bayad-pinsala para sa mga empleyado – Pangkat D	Rooms 05-06, 23/F, KOLOUR • Tsuen Wan I, 68 Chung On Street, Tsuen Wan, New Territories
	Room 239, 2/F, Shatin Government Offices, 1 Sheung Wo Che Road, Shatin, New Territories
Sangay ng operasyon para sa bayad-pinsala para sa mga empleyado – Pangkat E	18/F, One Mong Kok Road Commercial Centre, 1 Mong Kok Road, Kowloon
Mga kasong may namatay dahil sa pagtatrabaho	
Tanggapan ng mga kasong may namatay dahil sa pagtatrabaho	Room 601, 6/F, Harbour Building, 38 Pier Road, Central, Hong Kong

Mga oras na serbisyo: Lunes hanggang Biyernes (maliban sa pampublikong pista opisyal)
(09:00 a.m. – 1:00 p.m. at 2:00 p.m. – 6:15 p.m.)



Mangyaring bisitahin ang website ng Kagawaran ng Paggawa (www.labour.gov.hk/eng/tele/ec.htm) o iiskin ang QR Code para sa pinakabagong kinaroroonan.

(Mga tanggapan ng sangay ng bayad-pinsala para sa mga empleyado)

